

PATNUBAY NĠ BAYAN

THE PEOPLE'S GUIDE

YEAR II
TAON

MANILA, SEPTEMBER, 1916
MAYNILA, SEPTIEMBRE,

No. 17
Blg.

Macleod & Co. Inc.

MANILA, CEBU, CHICAGO, NEW-YORK, LONDON.

Exportadores de Fibras

Agentes de Compañías de Seguros

contra incendio y de lineas

de vapores para América y Europa.

G. URRUTIA Y C.^a

Exportadores é Importadores

**Comerciantes en toda clase de productos del país.
Consignatarios de los vapores.**

"Albay", "Ntra. Sra. de Begonia", "Amelia", y Pailebot "Equis"
con servicio regular a los puertos de Legaspi, Tabaco,
Lagonoy, Daet, Nueva Caceres y Guinayangan,

Muelle de la Industria 1043

MANILA, I. F.

Direccion Telegrafica: **"URRUTIA"**

Claves: AI, ABC, 4.a y 5.a Edicion y Liebers

P. O. Box 597.

Telefono 319.

Insular Lumber Company

Our Tanguile and Almon Lumber Offers an Acceptable
and Reasonably Priced Substitute.

FOR

MAHOGANY

**Large Stocks Always on Hand Well Manufactured
and Seasoned**

Write for Samples and Prices.

MANILA, P. I.

THE PEOPLE'S GUIDE

ENGLISH SECTION

EDITOR: P. L. STANGL, B. S.
P. O. Box 733, Manila.

PROPRIETOR AND MANAGER:
SOFRONIO G. CALDERON
705 Teodora Alonso Sta. Cruz, Manila.

SUBSCRIPTIONS

Single No.	10 centavos
One year	P 1.00
.. .. in provinces and	
U. S. 1.20
Foreign: one year.....	.. 1.50

2ND YEAR.

MANILA, SEPTEMBER, 1916.

No. 17.

Hard Facts

Nothing is pleasanter than to hear nice things said about one or one's people, to believe in his own power or capacity, and to feel himself to be as good as the other and a little better.

On the other hand, nothing cuts deeper than the open sneer, which brings down into ignominy all these good opinions about oneself, that tells us we are but a hollow sham, ridicules our efforts, belittles our attainments, scorns our feebleness or openly tells us we are but as fit yokelings to the triumphal car of the conqueror!

Between these two extremes lies life itself. It has been said that no man is a hero to his valet. Whatever may be the boast upon the lips, the defiance in the eye, the inmost heart is not deceived, and in the still, small hours of lonely silences that come to all some time or other there comes the weighing and measuring that sees true values, looks beyond the glimmer and the sheen of false things that one would like to see or be and takes serious stock alike of merits and defects, strength and weakness, power and meanness.

It is the weak man who willfully shuts his eyes to the truth, seeing only the things he cares to see, even if it be but a hollow sham and mocking fraud.

Bitter or sweet, harsh or gentle, the strong man faces facts and sternly, purposefully, grapples with them. As Rizal said, it is far better to expose the sick one on the steps of the temple, even though it be in full exposure of weakness, there to meet the scrutiny of those who perchance may be able to bring strength and cast out fear.

This is the testing time of the Filipino people. Neither honeyed words of self-seeking politicians nor the false praises of the fisher in troubled waters will longer suffice. Great as have been the attainments, greater by far is that which must still be attained.

A people may be freed from material bonds or political tutelage, but freedom is the product of the inner man, and self government, whether for a man or a nation, is the outgrowth of ingrained power and not the gift of another.

Heretofore the political spellbinder has filled the air; the time has come for constructive statesmanship, coupled to honest toil and wise labor applied to production and conservation, which must face the new conditions and weld the scattered fragments into a perdurable whole.

Pointing to past grandeur is futile, unless it spurs us into endeavor to do better; boasting of accomplishment, claims of capacity and striving for recognition on such grounds is silly, if present effort and attainments is not far in excess thereof.

The power of the mighty stream is but the

"GERMINAL"

Samahang ganap na pilipino sa paggawa ng Tabako't Cigarilyo

PAGBABA NG TULAY NI AYALA, MAYNILA K. P.

Siyang nangunguna sa maraming Tanghalan, dahil sa walang kasing-inam at sarap ng kanyang yari.

Siyang nangunguna sa pagsaklolo sa mga sakuná ng Bayan.

Siyang nangunguna sa taglay na lalong mga karapatan sa pagtanzi at pagka lugód ng boong Bayang Pilipinas.

Hingin ninyo ang mga may sagisag na:

GERMINAL,

KATAGALUGAN,

KAPISANAN,

FLOREAL.



HON. JAYME DE VEYRA,
Executive Secretary.

effect of the joining of the many little, puny streamlets and rivulets; the skill of the genius is but the sum of infinite efforts, the capacity of taking great pains with his work.

Progress is but the binding up into a glorious whole of the strivings and often puny, but wholehearted, labor of the many, great and small, obscure and prominent, gifted ones and plodders, alike.

Let us then face facts cheerfully; quit both whining and boasting. The lion needs but to show himself; he needs no advance agent to blazon forth his claims. Let us build foursquare to the world, improving our resources, methods, view points and creeds to fit new responsibilities and conditions.

Get together for constructive work; compel success by wholehearted effort: seed sowing must come before there can be a harvest, and toil must come between them to insure success.

The time for playing politics has passed; the time for sound nation building has come. Be a builder!

The Month of September in American Historical Events

1. Lopez garroted, 1851.
2. Atlanta evacuated, 1864.
3. Treaty of Paris, 1783.
4. Gen. Morgan killed, 1864.
5. Continental Congress met, 1774.
6. May Flower sailed, 1620.
7. Brazil declared independent, 1822.
8. Montreal surrendered, 1760.
9. California admitted, 1850.
10. Hudson River discovered, 1609.
11. Battle Brandywine, 1777.
12. Battle Chapultepec, 1847.
13. Battle Quebec, 1759.
14. Fulton's Steamboat starts, 1807.
15. Fenimore Cooper Born, 1789.
16. Battle Harlem Plains, 1776.
17. Battle Antietam, 1862.
18. Surrender of Quebec, 1759.
19. Battle Saratoga, 1777.
20. Capture of Lexington, Mo, 1861.
21. Andre Captured, 1780.
22. Battle Fisher's Hill, Va. 1864.
23. Serapis captured, 1779.
24. Monterey surrendered, 1846.
25. Battle Montreal, 1775.
26. Philadelphia captured by British, 1777.
27. Steamer Arctic lost, 1854.
28. Fort Harrison, Va. captured, 1864.
29. Draft in New York, 1862.
30. Peace treaty with France, 1800.

Tagalog-English

Dictionary

(Continuation)

- AHUNAN, *v.* ("an" form of ahon) To come up to (definite).
 AHUNAN, *v.* Ascending place, height.
 AHUNIN, *v.* ("in" form of ahon) To come up for (definite).

THE SANITARY STEAM LAUNDRY

CO. INC.

THOS. J. WOLFF, Manager.

May sadyang paraan sa paglala-
laba ng damit na

FINONG LANA

TEL.

529

Nasa daang ARLEGUI
blg. 908-918

Malinis, Mura at Madali

- AHUNIN**, *n.* To come up for something.
- ALAALA**, *n.* Memory, reminiscence, remembrance; memorial, monumental record.
- ALAB**, *n.* Flame; violence of passion.
- ALABOK**, *n.* Dust.
- ALABUWAB**, *n.* (not common) Sand or mud rolled or stirred up by water.
- ALAK**, *n.* Wine.
- ALAKAAK**, *n. h.* A kind of fish. A kind of plant from which soap can be made (bot name; *Palaquium catifolium*).
- ALAK-ALAKAN**, *n.* Underpart of the knee joint.
- ALAKAN**, *n.* Wine fermenting vats or establishment.
- ALAKBAT**, *n.* (See Akibat).
- ALAKBAY**, *n.* (obsolete) Noticing some one.
- ALAKDAN**, *n.* Scorpion.
- ALAKRAN**, *n.* See Alakdan.
- ALAGA**, *n.* Brood or litter of animals; suckling; child reared by a nurse.
- ALAGAAN**, *v.* ("an" form of alagà) To look after any definite person or animal).
- ALAGAD**, *n.* Disciple, pupil, follower.
- ALAGATA**, (Synonym of aligatâ) Foreseeing any possible contingency.
- ALAGARIN**, *v.* ("in" form of alagad) To make a disciple of any definite person.
- ALAGATAIN**, (synonym of aligatain) To foresee any definite misfortune that might occur.

[To be continued]

An American of Title

BY HOWARD MORSE.

The entrance of John Hays Hammond, the eminent mining engineer, into the gold fields of Johannesburg furnished an amusing example of American alertness.

As is well known, the remarkable character and extent of those fields attracted to South Africa many men of high standing. On the steamer from Southampton to Cape Town Mr. Hammond's fellow passengers included many titled Britishers, all bound for the same destination, the Rand. Upon arrival there, Mr. Hammond found himself waiting his turn in a noble line to sign his plain, democratic name to a hotel register. In front of him were a Knight Commander of the Honorable Order of the Bath, a Knight of the Exalted Order of the Star of India,

two members of the Order of St. Michael and St. George, two barons, and one duke. The letters necessary to distinguish these great personages were imposing, and in one case required three lines of the Hotel register.

With great interest, Mr. Hammond observed the registration of nobility. He realized that although ability would count in the long run, the possession of a commanding title would give the possessor a considerable start over his untitled rivals.

When Mr. Hammond's turn came to write his name, he registered:

"John Hays Hammond, A. R. A.

His companion was greatly interested and at the first opportunity asked:

"John, what made you sign A. R. A. after your name?"

"Well, you see, one needs a title in this country."

"But for what do those letters stand?"

"'All-round-athlete,'" replied the mining engineer?.

Within three months from that time, Mr. Hammond's genius had landed him in the position of consulting engineer and general manager of the consolidated gold fields; and serving under the directions of this resourceful American, were half a dozen lords and other gentlemen of illustrious pedigree.

Some of the Earth's Costliest, Oldest and Biggest Things

The oldest college is University College, Oxford. It was established in the year 1050.

The greatest bank is the Bank of England, London.

The largest library is the National, in Paris, which contains 3,000,000 books.

The tallest monument is in Washington, District of Columbia. It is 550 feet high.

The highest chimney is in Glasgow, Scotland, and is 474 feet.

The deepest coal mine is near Lambert, Belgium, and is 3,500 feet deep.

The largest monolith is in Egypt—106 feet high.

The biggest dock is at Cardiff, Wales.

The strongest electric light is at the Sydney lighthouse, Australia.


ANTONIO M. H. LIM-GENCO Y CO.

Plaza del Conde No. 127, Manila, I. F.

Comisiones y Consignaciones de tabaco rama de Isabela,
Cagayan y Pangasinan.

Telefono 3620.

P. O. Box 901.



HON. TEODORO M. KALAW,
Director of Insular, Museum and Public Libraries.

The largest college is in Cairo, Africa. It has on its register each year over 10,000 students and 310 teachers.

The largest bronze statue is that of Peter the Great, in Petrograd, Russia. It weighs about 1,100 tons.

Damascus is claimed to be the oldest city in the world.

The most costly book is a Hebrew Bible, which is owned by the German Government, and for which the pope offered \$125,000, but which the Government of Germany would not give up.

Until recently the most costly metal was supposed to be metallic gallium—\$150,000 a pound. But lately radium has far outstripped it in price, bringing about \$200,000 an ounce.—*Chicago Tribune*.

A Pretty Parlor Trick

Can you pick up a handkerchief twisted rope-wise by its opposite ends, and, without letting go of either end, tie a knot in the middle of it?

This is the way to do it: Lay the twisted handkerchief in a straight line upon the table. Fold your arms so that the fingers of the right hand come out above the elbow of the left arm, and the fingers of the left hand pass below the elbow of the right arm. With arms in this position, bend forward and pick up the handkerchief, the right hand picking up the left-hand end of the handkerchief, the left hand picking up the right-hand end of the handkerchief. On drawing your arms apart, it will be found that a knot is tied in the center of the handkerchief.

EL TESORO

Avenida Rizal, Bldg. 755.—Tel. 4418.

Upang mainatang maigi ang kagalingan ng katawan at upang magtagal ang buhay ay kailangang magdaan sa "EL TESORO" at bumili ng mainam na matamis, ng masasarap na ensaimada, ng mababangong mamou, ng mga malasang biskwit at iba pa.

Hwag nangg kalimutan na ang mga gawa sa "EL TESORO" ay may maipagbibilin at sadyang pangregalo sa boda, sa binyagan, sa mga paglililiwaliw, ibp.

May mga biskwit sa lata na tig P0.50, P1.00 at P1.50.

EUSTAQUIO FRUTO,---May-ari:

Two Ways of Getting Up.

When we tumble out of the right side of the bed,
How bright the sun shines overhead!
How good our breakfast tastes—and, oh!
How happily to school we go!
And o'er the day what peace is shed—
When we tumble out of the right side of the bed!

When we tumble out of the wrong side of the bed,
How dusky the sky frowns overhead!
How dull our lessons, how cross our mothers;
How perfectly horrid our sisters and brothers!
(And they all say, too, it's our fault instead!)
When we tumble out of the wrong side of the bed.

* * *

"What did people do before steel pens were invented?" asked the teacher.

"The pinions of the goose were used to spread the opinions of another," answered the wise boy at the pedal extremity of the class.

* * *

"Boys, what do you think of Nero?" said the lecturer.

Silence, broken only by an uneasy shifting of the lads in their seats.

"Well, Clancy," said the lecturer, making an individual appeal, "what do you think of Nero? Would you say he was a good man? Would you like to know him?"

Clancy hesitated. Finally, after again being urged to reply, he did so in these words:

"Well, he never done nothin' to me."

* * *

An old negro was asked by a colored brother what had killed the pet chameleon that he was in the act of burying.

"Well, sir", responded the negro, "dat meelyon jest natcherly killed itself. I put it on a piece of pink goods, and it done turned pink. I den tried it on a piece of blue stuff, and he turned blue. Den I fatches a piece of green goods, and it done turn green. Den I laughed and says, 'I'se got you now, Mr. Meelyon,' and I puts him on a piece of plaid goods—and if dat meelyon didn't jest bust hisself trying to make good!"

The Kangaroo

Now yow see him and now yow don't! You'll call to your friends, out on the veldt there in Australia, to hurry over and catch a snapshot of the cunning baby kangaroo, and almost as soon as your back was turned, he banished, and, when the others come up and see neither hair nor hide of him, they'll tell you you were dreaming and laugh you to scorn.

And, meantime, the big mother kangaroo will be loping away, frightened, as for dear life, lest some harm occur to that precious baby which you know and she knows is near.

What has become of him?

That is just one of nature's secrets, her wise provisions for the baby kangaroo. Most of us get a chance to see the kangaroo only in the big zoos, as at Cincinnati, where the baby animals are carefully guarded, but out on the Australian "bush," as it is called, the kangaroo must take its chances with its natural foes, and this means often to flee mighty quick—quicker far than a baby kangaroo could hope to travel.

So nature, who does seem to look after the remotest detail, has fitted Mother Kangaroo with a snug little pouch, the opening to which you'll remark as she confronts you, and into this the baby hops on first suspicion of danger. There, too, he remains until, in some mysterious manner, mamma tells the baby that the danger is wholly gone.

In fact, even when he's become quite a boy, and is too big to return to the pouch, he will run to her and do his best to get in, as he no longer can.

But once he's grown up and attained his full size, rest assured he can take care of himself.

The kangaroos rank among the largest and most remarkable of the indigenous animals of Australia. The species are numerous, ranging from the size of a sheep to that of a rabbit, and all are distinguished by the curious structure of their hind legs. These are exceedingly long and powerful, and the feet, which are much elongated, rest with the whole sole upon the ground. The fore legs are very short and are of little use to the animal in progression, its movements consisting of powerful leaps effected by the extension of the hind legs. In its natural position, the kangaroo sits upright upon its haunches, with the

Ateneo Rizal

College of Pharmacy—College of Medicine—
College of Agriculture—College of Mines.

Founded 1904----Incorporated 1909

The new term opens July 1st. Inscription now open. New laboratories and greatly improved courses and equipment.—The best College of its kind,—special night courses in shorthand, Typewriting and preparation for civil service examination. Fees moderate.

For particulars apply to 719-723-725 Rizal Ave. Sta. Cruz. P. O. Box 733.





assistance of its powerful tail, which, with the two hind legs or feet, forms a kind of tripod.

In feeding, the kangaroos rest upon the fore feet, and, when thus engaged, the young, which frequently retreat to the abdominal pouch, as already said, long after they are able to graze like their parents, may often be seen protruding their heads and cropping the herbage at the same time with their mother.

Baby kangaroos, when first born, are little over an inch long, and appear most like some semi-transparent mouse. They are lifted by the mouth of the mother into the pouch, where they feed from her for the time, remaining, in fact, in this natural hiding place until able to go forth and graze for themselves.

Some Facts About the Toad

The toad lives from ten to forty years, and it can lay over a thousand eggs a year. It has lived two years without food, but can not live long under water. It never takes dead or motionless food. It captures and devours wasps, yellow-jackets, ants, beetles, worms, spiders, snails, bugs, grasshoppers, crickets, weevils, caterpillars, moths, etc. In twenty-four hours the toad consumes enough food to fill its stomach four times. A single toad will, in three months, devour over ten thousand insects. If every ten of these would have done one cent damage, the toad has saved ten dollars. Evidently the toad is a valuable friend to the farmer, gardener and fruit grower, and can be made especially useful in the greenhouse, garden and berry patch.

 TEL. 3576	<h3>I. DE LEON</h3> <p>ANG BANSAG NA PINTOR SA PILIPINAS</p> <p>Pumipinta at gumagawa ng (bandera) Watawat ng mga Kapisanan ayon sa mga Sagisag.</p> <h3>SA HALAGANG MURA</h3> <p>175 ROSARIO BINUNDOK</p>	 TEL. 3576
 HORMIGA 136		

¡HINTAY KAYO!

¡NATIKMAN NA BA NINYO ANG AMING

Ginebra Ayala

Ginebra S. Miguel

at Ginebra Nacional?

¡Kung Hindi pa, ay Sayang na Sayang!

Makapagpapatotoo pa ng kanyang buti ang walang tigil na paglakas ng aming pagbibili at ang mga pagpuri ng nagsisibili sa amin.

¡TIKMAN NINYO!!

Nang kayo'y magsipaniwala.

MGA LUGAR NA KABIBILHAN

Pakyawan { Sa aming gawaan No. 625, Echague, Maynila.
Sa aming tinggalan No. 630, „ „

Ayala at K.^a

Fabrica ng Alcohol.

Na itinatag noong 1834---May 82 taon na ngayon.

Echague 630-652, Maynila, S. P.

PATNUBAY NĠ BAYAN

PAHAYAGANG BWANAN

NAMAMATNUGOT
Sofronio G. Calderon.
PANGASIWAAN
705 Teodora Alonso, Sta. Cruz.

KARUNUNGAN
KAGALINGAN
AT KAPAYAPAAN

HALAGA:
Isang salin: 10 cént.
Isang taón: ₱ 1.00
Sa lalawigan at E. U. ,, 1.20
Sa ibang lupain ,, 1.50

Taón II

MAYNILA, SEPTIEMBRE, 1916.

Blg. 17

Pag-aayos ng lakad sa mga bangketa

NĠ bwang nagdaan ay iminungkahi namin sa Hunta Munisipal ang pag-aayos nĠ lakad sa mga bangketa at wari di nilá nāwawaan ang ibig naming sabihin. Inakalà nilang ang kapakanán ay sa pagbibigay-galang; nĠuni't hindi, kungdi ang talagang paglalagay sa ayos na ukol sa mga pangulong bayan. Tinatawagan namin ang Marangal na Alkalde at mga kagawad nĠ Mġal. na Hunta Munisipal na gaya rin nĠ mga pinunò nĠ polisyá, na maglakád sa Eskolta, Rosario, sa kalle Nueva, sa mga daang karatig nĠ mga pá-milihan at ibp. lalò na kung naglalabasan ang mga "empleado" sa mga "oficina" ó kung may "parada" at malalaking pista, at mahihikayat sila na totoong kailangan.

Ang kawalán nĠ ayos dito sa atin nĠ paglakad sa mga bangketa ay hindi lamang nangangahulugán nĠ kaabalahán sa maraming nangaglalakád, kungdi kaipala'y kapatid pa nĠ basag-ulo at gusót nĠ hukuman; sapagka't ipagpalagay nating ang dalawang magkakasalubong ay kapwà ayaw magparaanan na alin man sa dalawa'y ayaw lumihis at humanggá sa isang awayán, ó paanong malalaman kung sino ang nasa ayos (ó kung sino ang nasa lugar)? at isa anong kadahilanan nangyari, kungdi sa kawalán nĠ ayos?

Ang tutol nĠ Alkalde kung kaya't sa nĠgayo'y di pa marapat sa atin ang ganitong ayos, ay sapagka't di malayong ang isang "ignorante" ó "hangal" na pilipino ay di matutong magbigay-

daan sa isang ginoong babainĠ pilipina, espanyola, amerikana ó iba, pag siya'y nasa karapatang ayos. Dapat nĠgang alamín nĠ G. Alkalde na sa mga pangulong bayan nĠ Europa, Amérika at Australya at ibp. ay mayroon ding mga "ignorante" ó hangal na gaya rito sa Pilipinas, saká ang kautusan ó pagbibigay-ayos ay lalo't higit na nauukol sa mga "ignorante" ó hangal kaysa marunong at mabait.

Aming nĠgang tinatawagang muli ang Mġal. na Hunta Munisipal at ang mga pinunò nĠ polisyá; na sikaping pag-ukulan nĠ ayos ang lakad sa mga bangketa. At tinatawagan din namin ang aming mga kakapatid sa larangán nĠ pamamahayag na pagdamutan kami nĠ tulong sa láyuning ito na may kapakanán sa ikagagaling nĠ madlá.

May nangagtanong sa amin kung paanong ayos ang dapat gawin sa mga bangketa. Ito'y maliwanag na naming inilagda sa sinundang bilang o blg. 16 at gayon ma'y muli naming ipaliliwanag. Ang ayos ay hindi sa magkabilang bangketa, kungdi sa bawát bangketa, at ni hindi kailangang ang tao'y bumaba sa bangketa, kungdi sa bawát bangketa ay imakad ang tao sa gawing kanan o kaya'y sa kaliwa kung alinman ang ipasiya: anopa't ang paparoon ay gawing pader at ang paparito ay sa gawing daan, na kung ganito'y hindi magkaka-sagupaan, walang abala sa nangaglalakad at malayo sa mga sigalot. Ang ganitong palakad, anang Mġal. Isabelo de los Reyes, ay pinairal sa Espanya ng boong katiwasayan at nakita rin namin na ang ganitong palakad ay nagkakabisa ng boong ayos sa mga pangulong bayan na gaya ng Melbourne, Sidney at ibp. At sa akala namin ay marapat ding pairalin dito sa atin.

"EL 82"

TINDAHAN NG PINTURA

LIWASAN NG BINUNDOK, TELEFONO No. 82.

PAPEL BEGETAL, na pandibuhe at gamit nĠ mga bordadora	₱ 0.05	ang dahon.
PILTRONG CARDENAL, magaling na panala nĠ tubig	9.50	bawat isa.
TAPON PATENTE, na losa gamit sa mga botella nĠ tubig	0.07	,, ,,
ENREHADONG KAWAD, galbanizado gamit sa kulunĠan nĠ manok...	0.30	ang metro.
RATONERANG-KAHOY, pang huli nĠ munting daga	0.10	bawat isa.
TIANING KAHOY, sipit sa damit nĠ mga labandera	0.20	ang dosena.
GARAPIÑERA GEM, mura, matibay at magaan gamitin.....	3.75	bawat isa.
PINTURANG MURALO, maputi at dekolor pamintura nĠ bahay	0.40	ang kilo.

Ang kodigo moral ni Fukusawa

(Ito'y isa sa idinugtong ng Mgal. Ignacio Villamor sa kanyang panayam sa Unibersidad ng Pilipinas tungkol sa paraan ng pagtuturo ng mga paarulan sa Hapon)

1. Katungkulan n̄g lahat n̄g tao na pakásakdalin ang karapatan n̄g pagkatao niya at linan̄gin n̄g buong tuos sa icababait at ikadudunong, na hwag magkasya sa nagawi na, kungdì laging magsikap na pagalingin n̄g lalo't lalò sa 'twitwi na. Amin n̄gāng hinihiling sa lahat na nakiikisá sa amin, na manggagsikap na ganaping tapat sa lahat n̄g kilos n̄g kanilang pamumuhay, ang kanilang katungkulan sa pagkatao, na kanilang isapusò ang mga simulain n̄g Pagsasarilí at n̄g Paggalang sa sarili, na siyang magíng mga pangulong kapanaligán n̄g kanilang pamumuhay sa kabaitan.

2. Ang nakákaunawang lubos n̄g simulain n̄g Pagsasarilí, magíng sa isip at magiug sa katawan, na nagbibigay-galang sa kanyang sarili at nag-iingat na hwag madungisan ang kanyang karanġalan, ay iyan ang tinatawag nating may pagsasarilí at may karapatán.

3. Ang tunay na bukál n̄g pamumuhay na pagsasarilí ay ang kumain n̄g pagkain na galing sa pawis n̄g noo. Ang taong may pagsasarilí at may karapatán ay yaong taong nakapamumuhay sa sarili.

4. Ang lakas at kagalingán ng katawan ay mga bagay na kailangan sa pamumuhay. Dapat n̄gā nating sikaping mapanatiling malakas ang ating isip at ang ating katawan, at magpigil tayo n̄g sarili sa lahat n̄g kilos ó ayos n̄g pamumuhay na makapagpapahamak sa ating katawan.

5. Katungkulan n̄g tao na mamuhay sa boong panahon n̄g hubay na itinalagá sa kanya. Ang pagpapatiwakal sa anomang dahilán ó kahi't sa alin mang pangyayari, ay isang bagay na kung tutuusin ay labag sa katwiran at kadwagan, na, sa lahat n̄g paraan ay kasuklamsuklam at hindi n̄gā karapatdapat sa simulain n̄g pagsasarilí at n̄g paggalang sa sarili niya.

6. Upang maunawa ang simulain n̄g pagsa-



BB. APOLONIA DEL ROSARIO,
Bulaklak ng Singgalong at kandidata ng "Dimas-Alang" sa pagka-Diwata ni Rizal.

sarili at n̄g karapatán, ay nangangailangan ng isang diwang matapang, pangahas at buháy ang loob; kinakailangan sa likás ng tao ang isang pagkakayakap ng lakas ng loob at tapang.

7. Ang taong may pagsasarilí at may karapatán ay dí dapat pasaklaw sa iba sa pangungugali n̄g nararapat sundin. Dapat na magíng matalinò sa pag-iisip at pagpapasya ng sarili.

8. Ipalagay ang babae na alaingan sa lalake ay isang pangungugaling balakyot. Ang babai't

M. Salvador

22 Pasage de Paz, Escolta.

TEL. 3253

Se Reciben toda clase de Trabajos de Pintura como Caratulas de Cristal y Bronce.

Decoración de Edificios Retratos

Letras de Madera y Azogue de Cristal Etc.

Precios razonables.

Ngayo'y panahon nang 'Sakit ng Ngipin' Kung hahanap kayo ng DENTISTA ay tunguhin ninyo si

Dr. A. Vergel de Dios

447 EVANGELISTA

at walang sakit na gumamot ó bumunot.

lalake na nangasa isang samahang may kabihasan ay dapat magag-ibigan at maggalañgan na parang magkapantay, na unawain ug baw't isa ang kanikanyang pagsasarili at karapatán.

9. Sapagka't ang pag-aasawa ay isa sa mga bagay na maselang sa pamumuhay ug tao, ay dapat magpakaiingat ng pagpili ng kakasamahin sa ating pamumuhay. Ang pinagmulán ng lahat ng pagsasamahán ng sangkatauhan ay ang pag-aasawa, ang pag ibig at ang magalang na pagsasamahán ng mag-asawa, na silo mau sa kanila ay di dapat humamak ng pagsasarili at karapatán ng kasama, hanggang sa sila'y papaghiwalayin ng kamatayan.

10. Sinisikap ng mag-asawa sa kanilang mga anak ang isang maayos na pakikisama at puspos ng pag asa, palibhasa't walang ibang násasama sa mag-ának, at palibhasa't ang mga magulang at ang mga anak ay paraparang nangagkakaulang isa't isa. Ang pag iibigan na sanhi ug ipinagsasama nila ay dapat maging malinis at wagas at ang pananatili ng pag iibigang itó ay siyang likmuan ng ginghawa ng sangbahayán.

11. Ang mga bata'y dapat din namang turuan upang maging mga taong may pagsasarili't may karapatán. Katungkulan ng mga magulang na alagaan at turuan ang kanilang mga anak habang nasa kamuraang gulang. Samantalang ang mga anak ay dapat namang tumalima sa kanilang mga magulang at magsikap na maging mga taong may pagsasarili at karapatndapat, pagsapit ng kapanahunan ng kanilang paghihiwaláy.

12. Ipinalalagay ng taong may pagsasarili't may karapatán na isang katungkulan niyang di maiiwasan ang pagpapatuloy ng pag-aaral hanggang sa tumandá, at kaylan ma'y hindi niwalang bahala ang pagpapatalino ng kanyang pag-iisip at paglinang ng kanyang likás.

13. Yamang ang samahan ay binubuò ng mga tao at ng mga mag-a-mag-ának, ay dapat unawain na ang likmuan ng isang magaling na samahan ay ang pagsasarili at karapatán ng mag-ának at ng tao.

14. Ang tanging paraan ng pagpapamalagi ng pamumuhay ng samahan ay palagiin ang pagsasarili at karapatán ng mga tao at ng mga mag-ának. Ito, ay magagawí ng lamang sa paggalang ng mga karapatán at kaginghawahan ng iba, habang pinagmamalasakitan nating taglayin ang ating sariling kaginghawahan at kinakalingá natin ang ating sariling mga karapatán.

15. Ang pagtatanim ng loob at paghihiganti ay isa pang-ugaling balakyot at mabagsik, labi ng panahón ng pamahiin at ng kamusmusan. Dapat tayong gumamit ng mga paraang matwid at marangal upang umiwas sa paughihiganti at sa kásiraang puri.

16. Ang tao'y dapat maging tapát na tagaganáp ng mga tungkuling nauukol sa kanyang pagkabuhay. Ang nagwawalang bahala sa kanyang mga sasagutin, na di inaalumana ang pagtitiwalang inilagak sa kanya, ay hindi marapat tawaging taong may pagsasarili't may karapatán.

17. Pag-asalan mo ang iyong kapwa ng boong

Yu Biao Sontua

Dasmariñas No. 209. Manila, I. F.

Comerciantes en toda clase de Productos del Pais.---Importacion de Arroz.---Molino de Arroz en Bautista, Pangasinan.

Armadores del Vapor

Y SONTUA

SUCURSALES:

Calbayog, Cathalogan, Carigara, Tacloban y Surigao,

Direccion Telegrafica: "SONTUA".

Tel. 68. Box 186.



MGAL. GIL MONTILLA,

Muling inihalal ng ika 3 pook ng Negros Occidental na magiging Kinatawan sa "Kapuhungang Bayan"

pagtatapat. Kung nagkakatiwalâ ka sa kanila ay magkakatiwalâ rin naman sila sa iyo. Ang paglalagakan ng tiwalâ ng isa't isa ay siya lamang nakapagpapauunawâ sa atin ng pagsasarili at ng karapatan sa ating sarili at sa madlang iba.

18. Ang paggalang at pagbibigay pitagan ay kailangan sa pagpapanatili ng samahan sa pamumuhay. Ang dalawang ito'y dapat isagawang lubos ng boong hinahan.

19. Isang kagandahang gawâ, at isa sa mga sakdal na kabaitan ng tao, ang pagpapalaganap sa ating mga kapwâ niyang pag-ibig na tinataglay natin sa sarili, upang pagamûn ang bigat ng mga kapansanang may kapakanan sa pamumuhay at dumadagan sa lahat, at upang matulungan sila ng pagtataglay ng kaginghawahan.

20. Ang mga damdamin ng pagkatao ay hindi dapat na sa mga tao lamang palaganapin, kungdi marapat ding pigilin na ang tao'y magpakabagsik sa mga hayop at hwag kitlan ng buhay kung di kailangan.

21. Yamang ang hilig sa sining (arte) at sa panunulat ay nakapagpapasakdal ng likas ng tao, bukod pa sa nakaaniw ng pakinig, at yamang nakatutulong din naman sa kapayapaan at kaginghawahan ng sangkatauhan, ay dapat naging ipalagay ang pagtataglay niyan na isa sa mga pangulong layuin sa pamumuhay ng tao.

22. Saan ma't may bayan, ay may pamahalaan. Katungkulan ng pamahalaan na pangasiwaan ang lupain, magtatag at kumandil ng isang kapangyarihang militar [6 hukbo] upang makalinâ ang kanyang mga taong bansâ, mapanagutan sa bawat mamamayan ang katiwasayan ng buhay, ng pag-aari, ng karanigan at ng kala-

yaan. Bilang kabayaran sa mga kapakinabauhang ito, ay katungkulan ng mga mamamayan ang maglingkod sa hukbô at umabuloy sa pag-alalay ng mga gugol ng bansâ.

23. Kung may katungkulan ang mga mamamayan na maglingkod sa hukbô at magbayad ng bahagi na nauukol sa mga gugol ng bansâ, ay mayroon ngâ ring katungkulan at karapatan na makialam sa paglalagda ng kautusan at may matwid na humawak, na kasama ng iba, ng mga gugol ng pamahalaan.

24. Hindi dapat limutin kaylan man ng mga lalaki't babaing taga Hapôn na ang kâlakilakihang katungkulan nila ay panatilihin ang kanilang pagsasarili at karapatan sa bansâ, laban sa lahat ng kaaway, kahima't ikasawi ng buhay at ng pag-aari.

25. Katungkulan ng lahat ng mamamayan hindi lamang ang tumalima sa mga kautusan, kungdi ang magsikap din namang ang mga iya'y ipatalima sa iba, na iyan ngâ'y kailangan sa ikapapanatili ng kapayapaan, ng ayos, at ng samahan.

26. Ang bilang ng mga bansâ ng sandaigdigang ay hindi kakaunti. Ang kanilang wikâ, kapampalatayahan, kulay at pangunugali ay kaiba sa atin: gayon man, ay mga kapatid natin sila. Sa pakikisama natin sa kanila ay di dapat tayong magtaglay ng pag-alangan, ng pagpapalad, ni ng paghahambog. Sa ganyang pangunugali ay hamakin tayo ng iba, na iya'y nalalabag sa simulaing ng pagsasarili at ng karapatan.

27. Katungkulan ng kasalukuyang lahi na paglingin ang kabihanan at ang kaginghawahan tinanggap nito sa kanyang mga magulang, na dapat din niyang ipamana ng wâlang duugis sa magsisihalile.

28. Katutubô ngang ang mga tao ay sumilang sa sandaigdigang ng may iba't ibang pag-iisip at lakas. Nauukol sa pagtuturô ang pagdaragdag ng bilang ng mga pantas at malalakas. Sa madaling sabi, ang pagtuturô ay nagpapakilala sa mga tao ng simulaing ng pagsasarili at karapatan, at binibigyan sila ng kakayahan upang maisagawâ ang simulaing ito.

29. Yaong mga kaisâ namin ng isipan, maging lalake 6 babae, ay dapat matuto ng mga aral na ito, at magsikap palaganapin sa boong samahan, na tumutulong ng ganyan sa pagtataguyod ng sangkatauhan sa lalong sakdal na kaginghawahan.

Librojo y Fuentes Co, Lcd. D. S.

DENTIST-SURGEON
MODERN METHOD

D.ental Cabinet
48 Plaza Goiti
Subida del Puente de
Sta. Cruz.

Residence
Soler 510, Trozo
Manila, P. I.

H. M. MAYOR

DENTISTA

Gumagamot sa mga paraang pangkasalukuyan ayon sa mga huling pagkasulong ng karunungan at pagsasagawa ng odontologia.

Baumubmot at gumagamot na walang bayad sa mga mahirap.

Magsisilya kayo sa kanyang tanggapan upang inyong matunayan.

Marry Chiles Christian Hospital

135 Calle Gastambide, Sampalok.
Tel. 3723.

Manila.

Mga Mahalagang pananalita NI DR. JOSE RIZAL

Tinipon ni Mariano Banting.

Labis na maaasahang pikit mata't boong kabayanihan na ipagtatanggol ng Pilipinas ang kanyang kalayaang binili ng dakilang hirap at masaganang dugô.

Lilisanin ng amá ang kanyang mga anak, lilisanin ng anak ang kanyang mga magulang at paraparang magsisidaluhong ng pagtatanggol sa inang lupà ng kalahatán.

Kayong may mga adhikang nalantá sa inyong kalulwa; kayong naantakán sa pusò dahil sa pagkamalas ng isa-isang nalalagas na maliligaya ninyong hinagap, wángis sa mga halaman sa otonyo, na nasasalát sa bulaklak at sa dahon at nagnanais pang umibig ay walang mátagpuang nararapat sa inyó, masdán at naririyang ang tinubuang lupà: pakamahalin ninyó siyá!

Kayong nangawalan ng isang amá, isang anak, isang kapatid, asawa ó pinakagigiliw kayong laging nagiging bungang tulog, kung sa pusò ninyo'y nakakaramdam kayó ng mapanglaw at kakilakilabot na pangungulila, masdán at naririyang ang tinubuang lupà: pakamahalin ninyó siyá ng ukol at nararapat.

Ini-anak kayó, tumatandá at namamatay na taglay itong banal na pag-ibig sa tinubuang lupà. Ito ngà lamang kaipalá ang tiyagang máibibilang natin, sapagka't may katiyagaan sa pusò ng tao, at tila ngà mandin hindi humihiwalay kahi ma't magupiling tayo sa ating libingan.

Laging násasabi na ang pag-ibig ay siyang malakás mag-udyok sa tao sa másasanghayang pagpapagál, nguni't sa lahat ng pag-ibig ay ang pag-ibig sa tinubuang lupà ang siyang namumunga ng lalong dakilá, ng lalong bayani, at di nagnanasá ng anomang ganti.

Dwag at malí ang akalá, na ang bulág na pagsunód ay kabanalan, at kapalaluan ang mag-isip-isip at magnilaynilay.

Ang babaing tagalog ay di na payukó at luhod: buháy na ang pag-asa sa panahong sasapit, walá na ang inang katulong sa pagbulag sa anak, na, palalaki hin sa alipustá at pag-ayop; di na unang karunungan ang pagtungó ng ulo sa balang maling utos, dakilang kabaitan ang ngisi sa pagmura, masayang pang-alíw ang mababang luhá.

Napagkilala rin ninyóng ang utos ng Dyos, ay ibá sa utos ng pari, na ang kabanalan ay hindi ang matagál na luhód, mahabang dasal, malalaking kwintas, libaging kalmin, kung di ang mabuting asal, malinis na loob at matwid na isip.

Napagkilala rin ninyo na di kabaitan ang pagkamasunurin sa anomang pita at hiling

Mindanao Lumber Co.

(SOCIEDAD INCORPORADA)

Gran Aserradora mecánica establecida en Naga—Naga,

(Zamboanga.)

Grandes existencias de Maderas del Pais de todas

clases y dimensiones á precios sin competencia.

Agentes Generales,

GO-TAUCO Y Cia.

Soler 214.

MANILA.

Tel. 471.



MGAL. MANUEL SANDOVAL,
Muling inihalal ng Palawan na maging Kinatawan sa
"Kapulungan Bayan"

n̄ mga nagdidyusdyusan, kung di ang pag-sunód sa katampata't matwid, pagka't ang bulág na pagsunod ay siyang pinagbubuhatan n̄ likóng pag-uutos, at sa bagay na itó'y pawang nagkakasala.

Di masasabi ng punò ó parì na siya lamang ang mahanagot ng maling utos; binigyan ng Dyos ang bawát isá n̄ sariling isip at sariling loob, upanding mapagkilala ang likò at tapát; parapurang ini-anak'ng walang tanikalá kung di malayá, at sa loob at kalulwa'y walang makasusupil, bakit kayá ipaaalipin mo sa ibá ang marangál at malayang pag-iisip?

Sa alapaap ng Panaginip

"BILL JONES"

Sumikat kang parang tala.

Nasa dilim n̄ pagasa ang palad n̄ aking Bayan, takpasilim ang pangarap, hatingsabí yaong Búhay!... At ang langit ay mababang sa ulap ay nagkukulay na itim n̄ guningning sagisag n̄ kasawian. Kung tanawín ko'y makipot ang sakop n̄ daigdigang sa laot n̄ alapaap ay sasakyáng lumulutang!

Bilanggó ang kapalaran, balití ang pananalig, bagama't ang diwa'y layang abot hanggang himpapawid... Aug Adhiká ay may sukat, ang katawan ay may lubid, na sa pusong umaasa'y nagtatall n̄ pagtangis... Sa gáwain ay malayang nasusunod ang máibig, datapwa't sa harap niya'y nakahalang ang... panggulit.

Ganyanganyan ang palad mo, aking bayang Pilipinas. Sa lilim ng Amerika ay ibon kang lumalayag sa sarili mo ring langit na iba ang nanangarap. *Lumuha ka ni ng bato* sa tindi n̄ paghihirap ay hindi rin magkapusong ang hapis mo'y mapálipas. Ilang anak mo ang nanaw sa pag ibig sa Watawat?

Magsabi ka, luhan kong Iná; Ikaw ay magsabi kung gaano nang pagluhá ang tiniis mong sarili, at kung ilan ang nagtanggol na namatay sa pagkasi...

Ang katulad mo ay patay na ang búhay ay duhagi at sa lupà namamayang sa bagabag ay bayani... Malayá ka kung tawagin, n̄guni't sahol kang parati!

Subali, sa kadilimán n̄ pagasa ay sumikat ang talà sa hatingsabing may kasunód na liwanag... Ang *Bill Jones* ay sumilay na ang uri ay pangarap, at sa gitná n̄ madilim na langit n̄ Pilipinas ay nagkintal ng magandang luningning ng bagong palad. Ang pagasang naglalahò ay binuhay na may sinag!

Ang babala n̄ umagang maghahari ang liwayway na may ngiti n̄ ligayang tutubós sa kasawian, ay bumating may marikit na tandá n̄ kapalarang ang magdamag ay lilipas at ang talà ay sisilang na may putong na dakilá n̄ bandilang nagdiriwang. Sa Silangan maguguhit ang kisláp n̄ bagong Araw!

At ang baya'y sumalubong (1), bumati ng buong giliw... Binuksan sa mga kamáy, at sa dibdíb ay ginising ang pagasang nákatulog sa pagluhá n̄ damdamin... Ang dilim ay nagúmaga at ang pitang mápaamin ang talagá naming ari, ay bakás n̄ salamisim na naghalik n̄ biyayang liligaya ang alipin.

Nalimutan ang mga Taft na nangaral n̄ dakilá, n̄guni't hindi nagsatupad ng kanilang munukalá... Náguhit sa agam-agam na may gintò n̄ paghangá ang naglaláng Demokrata ng Bill Jones n̄ paglayá... At ang bayang umaasa na sa dilim n̄ pagnanasá ay pamuling nagkasinag n̄ liwayway na magará.

Mga Wilson at Harrison ang nagn̄iti n̄ pagasa... Ito, itong Bayang laging naghihintay ng ligaya ay tumugong uaglalatang sa pusò ang isáng pita: Tulutan, kung mangyayari, na ngayon diu ay mákita, ang Liwanag n̄ Mithiing pinaglahò sa Alala, at sa palad naming kapós ay máhalik ang ginghawa.

Kung bantád man sa pangakò at dagí na sa pagluhá kaming apí sa paglasap n̄ lasaping ninanasá, sa n̄gala n̄ Katarungan, sa dangal n̄ Munukalá, ay bilanggó kaming ngayo'y humihin̄i n̄ paglayá... Yákap namin ang Watawat, yapos ang Pithayá at may isang pagtitibay na lalaging mapayapá.

Ang sikat n̄ aming Araw sa mainit naming langit ay siyá nang tanging Ilaw n̄ dakilang pananalig; at ang lakas naming hina kung bigyán n̄ pagsusulit ay lakas na lalong lakas n̄ matayog na pagibig na sa kapwá kalakasa'y maglalapat n̄... pang'anib, ó n̄ isang kasunduang manatili sa tahimik.

Ang Bill Jones ay silahis n̄ sisilay na Liwanag at ang *laman* nama'y Araw n̄ malaon nang pangarap na sa dilim n̄ pagasa'y isang ningning ang sisinag... Sa pusò n̄ buong baya'y natititik ang sagisag na ang Tao't Karunungan'y magsasama sa *paglakad*: Itó, doon ay di pikít na dudustá at hahamak!

TEO. E. GENER,
(Sa "Ilaw at Panitik")

Setyembre 1916.

(1) Timutukoy ang pagdiriwang noong Okt. 6, 1913.

<p>Valentin Manglapus ABOGADO</p> <p>Residencia: Madrid 234 Tel. 8334.</p> <p>Bufete: Gral. Luna 87, Tel. 4664.</p>	<p>CASEY'S HOSPITAL —FOR— Sick Shoes and Clothes</p> <p>Dr. Casey Chief Surgeon</p> <p>307 M. H. del Pilar. Phone 3878</p>	<p>Celestino Chaves ABOGADO Y NOTARIO</p> <p>702 Azcarraga, esquina Juan Luna</p> <p>Telefono 8038</p>
--	--	---

Ang mga postal kung mangusap

Akda ni Admirer

(Karugtong)

POSTAL NI ALBERTO KAY TRINING

Oktubre 20, 1915.

Trining: Boong lugod akong nagpapasalamat sa sagot mong nagpapaligaya sa akin. Asahan mo't hanggang ako'y makapagtititís ay tutupdin ko ang iyong bilin.

Umaayon akong ang pag-ibig na dalisay ay di gayon-gayon lamang na katungkulan, datapwa'y di mo бага batid na buhat sa kaliitliktan hanggang sa mahahalagang bagay ay sadyang may kanikanilang sagwil at ang sagwil na ito'y napatay ng magandang pagsusunuran? At ang isa pa, lanong anino ang iyong namamalas at nag-aálaala kang maunsiyami ang iyong kabutong "oo?". Mulá bagá ng magkilala tayo'y nasubukan mo na ako ng anomang gawaing maari mong pangambahan? Ito lamang ang tunay kong iniingatan pagka't lalo akong magdaramdam kung mamalas kitang nalulungkot.—*Alberto.*

POSTAL NI TRINING KAY ALBERTO

Oktubre 22, 1915.

Alberto: Ang pangungusap ng mga bagong tao'y totoong makalaglag-tukô samantalang nangliligaw pa, kaya naman natutunayang marami rin ang nawawalan ng kabuluhan kung ang dalawa'y nag-iibigan ó magkaisang palad na. Anong kahulugan nito? Ngayon, masisi mo pa kayá akong magtimpi ó hwag munang magbitiw ng sagót?

Kung tapát ang iyong pag-ibig at tunay ang iyong pagnauais ay bukás ang aming pintô kung magpapahiwatig ka sa Mamá at Papá. Anoman ang pagkasunduan ninyo'y buong lugod akong tatalima.

Kailan ka ba paparini, ibig kong maalaman.—*Trining.*

POSTAL NI ALBERTO KAY TRINING

Oktubre 25, 1915.

Trining: Nápakahinà ng loob mo, Trining, Manakanaká ngang natutunayan natin ang ilan, na ang pagmamahal ay nagmamaliw kung magkasundô na, subalit't anong nagpapatunay sa

iyong upang ipara mo doon ang kapalaran natin at pangambahan ang inihahandog kong pag-ibig? Dahil sa ako'y mahirap at ang pagmamahal ko'y hindi makasasapat sa karangalan mo? Kung ito ang iyong tutuntunin ay may katwiran kang magmaramot at hindi ang pangamba lamang.

Buong pusò akong tatalima sa iyong hiling na ako'y magpahiwatig datapwa't ako'y naaabá sa aking sariling humarap sa digmang walang sandata. Di bagá maaaring bigyan mo ako ng palugit pananggol? Ang iyong isang pag-ibig, pagmamahal at oo'y nápakamabisà ko nang kalasag!

Paririyon ako bukas ng hapon. Ipahihintulot mo baag magkausap tayo?—*Alberto.*

Kinabukasan ng hapo'y nagkamiig sila ni Trining. Ang dalawang pusong kahi't di pa nagkakaisa ng tibukin ay sadyang may mga tinago nang lihim na pagtatagumpay, ay umawit noon ng mga pangunang KUNDIMAN NG PAG-IROG. Basahin ang ika 25 postal sa Unang Bahagi.

POSTAL NI TRINING KAY ALBERTO

8:00 n. u., Oktubre 26, 1915.

Alberto: At ako pa ang pinipintasan mo kung ako'y natututong mag-ingat, pagka't kung di ba naman ay anong kahulugan ng iliniham mong "nápakahinà ng loob ko?" Dapat mong alaming hindi ko ipinapara sa iba ang kapalaran natin pagka't kailan ma'y di ko tinatangkang maging bigô ang aking pag-ibig at aking bukás, kung di napapanalaminan ko lamang ang ibang sawi sa kapalaran.

Hindi rin ako, Alberto, tumitingin sa salapi. Yao'y pisi lamang ng buhay dito sa Mundo at hindi maaaring maging simulá ng kaligayahan. Dahil dito'y ang kadahilanan ng aking pagmamaramot at pangamba'y hindi magiging ito.

Tungkol naman sa pagkaabá ng iyong sariling magpahiwatig sa Mamá at Papá ay hayaan mo na't ako na ang magtatanong kung dapat ó hindi ka ibigin. Umaayon ka ba? Ito na ngà ang mabuti lalo't walá palang halaga ako at ang mga náisulat ko sa iyo... at makaparirini ka mamayang hapon. Saká muna rin maaalaman kung makikipag-usap ako sa iyo.—*Trining.*

POSTAL NI ALBERTO KAY TRINING

Oktubre 31, 1915.

Trining: Sa lahat ng aking pagkadalaw sa inyo ay nápakamabisang ala ala ang iniwan sa aking pusò ng pagkapariyan ko kamakalawa. Buhat noon hanggang ngayo'y ipinalalagay kong mapalad na ako sa lahat ng binatà rito sa Mundo,

LA PAZ Y BUEN VIAJE

SOCIEDAD EN COMANDITA

Acciones al alcance de todas las fortunas desde un peso cada accion.

Bajo la Gerencia y Administracion de Teodoro Sandiko.

Fabricacion de Tabacos y Cigarrillos de menas y marcas exquisitas y á precios módicos.


Oficina Central: Asuncion 429, Manila. --- Tel. 8041.

RESTAURANT 'Dimas-Alang'

Blg. 555 Nueva, Binondo.

May malinis at mabuting pagkain.

Mura at maaaring magdala kahi't saang bahay o kawanihan.



"EL 82"

Isang tindahang pilipino sa liwasan ng Binundok.

Itinatag ni G. Ongpin sa pamamagitan ng sikap at tiyaga at ngayo'y isa sa malalagong bahay-kalakal na tinatangkilik ng bayan. Dapat ngang halintularan ng mga kababayan sa pagtatatag ng iba't ibang kalakal.

pagka't di mo man nápagkaloob sa akin ang iyong pagsang-ayon ay labis ko nang batid ang iyong nasá at pagpapalagay naman sa akin, ayon sa iyong pagtanggap.

Sinabi ko rin noon sa iyong Mamá na kayo'y isasama ko sa pagdalaw sa Paang Bundók bukas. Sinagot akong magdaan na ako bukas ng ikawalong oras ng gabí at sakaling másasama kayo'y aabutan ko nang bihis! Anong ligaya ko, Trining, na minsan pang magkakasabay tayo sa paglakad na sa paanu't paano ma'y makabubulong ako sa iyo!

Ngayon, nalalaman mo ba kung anong aking laging nágugunitá? Walang iba liban sa kinaiinipan ko ang pagdating ng bukas.—*Alberto.*

POSTAL NI TRINING KAY ALBERTO

Nob. 2, 1915.

Alberto: Nápaka iba mo palang tao. Diyata't ang pagsasaligan mo ng iyong pag-asa'y ang pagkatanggap ko sa iyo noong ika 26 ng natapus na bwan? Námamali ka! Tinanggap at hinarap kita ng pagayon alang alang sa ma'buting patakaran ng pakikipagkapwá. Pagkaalis mo noon ay itinanong sa akin ng Mamá kung ako'y sumagot na sa iyo at tinugon kong, aking pinutol na ang iyong pagnaais sa akin.

The American Bible Society

503 Avenida Rizal.

Nagbibili ng mga Biblia sa iba't ibang wika.

Iyong pagsadyain at pagkakalooban kayo ng ayon sa halagang taglay ninyo.

Ikinatutuwá ko ang pagkadalaw natin sa Paang Bundók, hindi ang sapagka't tayo'y sama-sama, kung di ang pagbibigay loob sa iyo ng Mamá. Hwag mo namang ipaghihinampo ang di ko pagsagot sa iyo noon. Hindi mo ba ná-pupunang tayo lamang dalawa ang laging sinusúlyapan ng Mamá, ni Rosa at ni Paz? Bago kami nangákatulog ay halos pinaiyak nila ako sa kátutukso.—*Trining.*

Sa Bayan kong Sariaya, Tayabas

"SADYANG PAHATID SA PATNUBAY NG BAYAN"

Mahalagang panawigan ni G. "Isang Taong Tapat,"
alang-alang sa pagtatangkilik at pagtatatag ng sariling kalakal.

Yayamang ang bayan kong ito, ay isa na rin sa nápapabilang na mayaman at sumusulong sa lalawigang Tayabas at ng Kapuluang Pilipinas, ay di nakiming siya'y tawagan sa pamamagitan nito PATNUBAY NG BAYAN alang-alang sa kaniyang pagkakagupiling sa pagpapaubayá sa pagtatangkilik at pagtatatag ng kalakal Pilipino.

Oo, ako ang taós na nagsasabing ikaw, bayang Sariaya, ay nagugumon sa masamang katayuan, anti-unti kang nábululuso sa pagdaralitá at paghihakahos. At sa tapatang pagsasabi, ang mga iginagalang kong kababayan, ang siyang tinatawagan at pinagpapaalalahanan.

Hindi na lingid sa kaalaman ng lahat, na sa bayan nating ito, ay ang mga tindahang Insik na taga ibang lahí, ang siyang naghahari at pina-kamalaking puhunan, sila ang ating panginoo, takbuhán at kuhanan ng lahat ng kailangan, na siyang sumisigid at humahakot ng halos lahat nating salapi. Hindi ba?

Tanungin ang lahat, pagsangayon ang mayayaman, ano pa't sa tapatang sabil'y tanungin ang buong mamamayan ng bayang Sariaya, kung di tayong lahat ay sa mga Insik nagsisikuha ng mga kailangan, at bahagya nang matapunan ang Tindahan nina G. Claudio Alcantara, Miguel Reynoso at Sotero de Luna.

Nakapanlulumong alalahanin ang pangyayaring ito! Kayá ngá, mayayaman ng aking bayan, kayo'y magbagong ugali, itapon na ang paglingap sa mga insik; hindi naman ang ibig kong sabihin ay ating bakahin at pagkaisahang hwag na tayong bumili sa kanila, bumili rin naman tayo, kung di ang nais kong sabihin, makabaghi man lamang tayo, ng kaunti sa laksang pisong nápasakanila bwan bwan (P10,000) ang tunay kong nais ay kayo'y magtatag ng isang malaking tindahan ó Bazar kayá, na, ang mga nandoon ay katulad din ng mga nasa

LA RIZALINA

P. ARAMBULO

17 Rosario, Maynila, K. P.

NAGBIBILI ng mga sombrero rito at gayon din ng sa Europa;

ng mga barong lalake, kuelyo, korbata, ibp.

ng mga payong, sapatos, ibp.

Mura ang lahat.

Insik, at sa ganiyang paraa'y magpakaanoano'y di pihong tayo'y makababahagi rin.

At yamanang ang bayan kong Sariaya, ay nakapagtatag ng isang Sining pinamuhunanan ng P50,000. Dalawang malulusog na Klub, (Bagong Silang at Union) at tatlong Sabungán, na ang mga ito sa ngayon ay para parang buhay at tinatangkilik ng mamamayan; ay inaakalà ko namang ang isang Bazar na may puhunang (P10,000) sangpung libong piso ay di gasinong paghihirapang itayò. At magsabi ang lahat kung ako'y namamali.

Panghinayanngan natin, ang malaking halagang napapasakanila, at ang isa sa mga tindahan ng insik na ito sa ating bayan ay nakapagsasabing sila'y nakapagbibili sa loob ng tatlong bwan ng sangpò ó labing limang libong piso (P10 ó 15,000).

Alalahanin ninyo ang halagang iyan! Isa lamang tindahan. Ilang tindahan ng Insik mayroon ang ating Bayan? Sa akalà ko'y di kukulangin sa labing isang Tindahan. Mahinayang kayo mga taong tinatawagan ko na may kakayahan!

Kaawaan ninyo kaming mahihirap, pagka't kung kayo'y mangasalat na'y wala na kaming matatakbuhan. Ang salapí ninyo at ang kaunti naming nakikita sa pamamagitan ng pagpapatulò ng aming pawis ay hwal nang mapasa iba. Kayá, bayan ko, magbago ka na ng ugali, hwag ka nang kapalagi sa datihan mong kinahiratihan, pagka't sakaling di ka magbabago, ay ako ang huhulà sa kapalaran mo, na, di lalakad ang mahabang panahon, at ikaw ay magiging salat.

Subali't, hwag mo namang walin sa iyong alala, ang pagmamahal at pagtingin sa taga ibang lahi, pagka't ang bayang di marunong magmahal ay di naman minamahal.

Lubos kong inaasahan, na, ang panawagan kong ito, ay didinggin ng mga kababayan ko, na may lubos na kakayahan sa pagtatatag ng kalakal pilipino. At ang mga tudling na ito'y hindi lamang sa sarili kong bayang Sariaya iniukol, kung di sa lahat ng bayang katulad ng bayang kong ito, na ang naghahari ay ang Tindahan ng mga Insik.

At hanggang sa muli kong pagtawag sakaling kakailanganin pa.

ISANG TAONG TAPAT.

Daang Gral. Luna.

Sariaya, Tayabas, K. P.

Bago sa dayuhan ay sa kababayan muna

Kaya't kung mangangailangan kayo ng sombrero, ay lingapiu ninyo ang

SOMBRERERIA

NI

V. LIWANAG

Binundok, Juan Luna 351

Puhunang tagalog at yari rito

Tangi sa pagpapaputi at pag-aayos ng kahi't anong anyong ibigin.

Mura ang halaga at hindi mapipintasan ng sino mang maselang.

Subukin at ng matotohanan.

"JUAN BAHAG"

Maikling Kwento

Sipi ni Vicente Bautista sa kabuhayan ng mga Juan.

(Karugtong)

Ng matapos nilang malagdaan ang nasabing kasulatan, ay ipinatuloy na ni Juan ang kanyang ginagawá, at inanyayaban ng Caballero na manugaw sa bintana ang kanyang asawa, at ng silang dalawa'y nakapamintana na ay sinabi ng Caballero sa kanyang asawa ang napagkayarian nila ni Juan, nguni't pagkaraan ng ilang sangdali na halos may mga sangpung minuto lamang na sila'y nakapanungaw, ay siyang pagtigil ng isang magarang sasakyang hila ng apat na kabayo sa tapat ng kanilang trangkahan, Dahil dito'y sila'y nagkubli at sinubukan nila kung sino ang sakay na bababá.

—Sino kayá ang sakay ng karwahe?—ang usisa ng babae.

—Ewan ko kung sino, nguni't ang kutog ng loob ko ay Prinsesa, sapagka't magarang-magará ang sasakyan—ang nangangatal na tugon ng Caballero.

—Ako man ay ganoon din ang aking palagay, nguni't ano ang ating gagawin kung Prinsesa nga, ang sakay, ha?—iiwan ba natin itong bahay kay Juan?

—Mangyari pa ay iyon ang aming napagkayarian.

At siyang pagbabá sa karwahe ng isang Prinsesa—ito ang asawa ni Juan Bahag—dalawang naggagandahang "Dama" at isang utusan na may dalang mga pagkain at sabaysabay na nagsipakok sa kanilang trangkahan. Ng ito'y mamasdan ng mag-asawa ng Caballero, ay dalidali silang nagtagò; at ng makapanhik na ang mga nagsidating, ay nanaog naman sila pagdaka sa isang hagdanang lihim dalá ng kanilang malaking kahihyan at iniwan na nila ang bahay, sapagka't ito ang kanilang pinagkayarian ni Juan.

Ng maramdaman ni Juan na mayroong bagong dating, ay dalidaling pumasok, at ng makita niya, na ang kanyang asawa ang duma-

La Tableria de P. y F. Jacinto

NAGBIBILI ng lahat ng uri ng kahoy rito.

GUMAGAWA ng sarisaring "muebles" na pasadya at sang-ayon sa ibiging ipagawa.

YUMAYARI ng mga pang pinto, pang bintana, ibp.

LAHAT ay mura at ayon sa kasunduan.

TUMAWAG sa telepono 8131.

JUAN LUNA 954-962, TUNDO.

ting ay kinamayan niya, at saká tinitigan ng may kasabay na ngiti ang maamong mukhá ng mahal na Prinsesa.

—Kaninong bahay ito?—ang tanong ng Prinsesa.

—Kanino pa, di atin—ang tugon naman ni Juan.

Sa ganitong sagot ni Juan ay natwá ang Prinsesa, at sa malaki niyang kagalakan ay niyakap ang kanyang giliw at saká nagwiká ng "ikaw pala'y may bahay ay bakit hindi mo agad ipinagtapat sa akin, ha Juan?"

—Hu, iyon ay talaga kong panata, kaya't ipagpaumahanhin mu na ang di ko pagtatapat sa iyo bago tayo ikasal—ang matamis na sagot ni Juan—at ng hwag mu namang isaloob na kita'y pinaglilihiman—ang dukotong ni Juan—ay tena at ating galain itong bahay at ituturo ko sa iyong lahat ang aking mga kayamanan, na ngayoy atin nang dalawa.

Sa magiliw na anyayang ito ni Juan ay natwá ang Prinsesa at noon din ay kumapit sa balikat ni Juan at saká nagsalita ng "Tena irog ko, at lubos kong ikinagagalak ang pagtatapat mo sa akin."

At lumakad ngá sila at ang unang tinunço ay ang pinakamalaking silid na punong punó ng sarisaring mga kayamanan; at samantalang sila'y nag-uusap at ipinagpaparangalang lahat ni Juan sa kanyang asawa, ang mga kayamanan na naging bunga ng kanyang katusuhan at kahwanan, ay ipinahahandá naman ng dalawang "Dama" ng Prinsesa, ang isang masarap at saganang pananghalian, at ng nakahandá na ay tinawag ng isa sa mga "Dama" ang mag-asawa na kasalukuyang nawiwili sa pagmamasid ng iba't ibang kwadro at sarisaring palamuti na nanag-sabit sa silid na tulugán. Hindi naman nagtagal at noon din ay nangagsilabas ang mag-asawa at marahil ay nakaramdam na sila ng matinding gutom, sapagka't nooy mag-iika tatlo na ng hapon at sinimulan na nila ang pagkain.

Ng sila ay makakain na, ay napagkasunduan nila na, tumira muna ng ilang bwan sa bahay na iyon, kaya't noon din ay ipinasabi sa mahal na Hari ang kanilang pinagkayarian, at palibhasa'y mahal naman sila sa Hari, ito'y di nakapahindi, kungdi bagkus pa ngá silang pinadalhan ng maraming bagay na kagamitan sa loob ng pamamahay.

Ng mayroon na silang apat na araw sa bahay na iyon na walá silang laging ginagawá kungdi kumain at matulog, ay parang hindi sang ayon si Juan sa ganoong kalagayan, palibhasa'y ang kinahiratihan niya ay laging gumawá ng kahi't anong bagay tungkol pakikinabangan, at hindi ang pagtutulóg na gaya ng madalas ugaliin ng

ibang mga Juan, ay binalak niya na araruhin ang malapad na lupa na nasa sa harap ng kanilang bahay upang kanyang taniman ng maez at sarisaring gugulayin. Inihandá na niyang lahat ang mga gagamitin ng oras ding iyon, at kirabukasan na halos bago pa lamang namama-naag ang araw at untiunting nagsasabog ng liwanag sa sang-sinukob, ay sinimulan na ni Juan ang pag-aararo.

Ng may dalawang oras na siyang nag-aararo ay náisipan niya na upang hwag siyang totoong mapagod, ay ilagay sa gitná ng kanyang pinag-aararuan ang larawan ng kanyang asawa na nakasuot Prinsesa, kaya't noon din ay pumanhik siya sa bahay at tangkang kukunin ang larawan, nguni't bago pa lamang siyang nabubungad sa pintuan ng silid ay nárinig niya ang magandang boses ng kaniyang asawa na kumakanta ng isang Kundiman, na sa tinis, lamig at tamis ng boses ay sapat na makaaliw sa isang nalulumbay, at makaalis ng pagod sa isang hapong hapó sa paggawá, at dahil dito'y minagaling niya na pakinggan munang magaling ang magandang kinakantá ng Prinsesa at bukas na niya ipagpatuloy ang pag-aararo.

Ito nga ang kanyang ginawá, kinabukasan bago siya mag-araro, ay nagtayo ng isang patpat sa gitná ng kanyang pag-aararuan, at saká niya inipit dito ang larawan ng kanyang asawa, palibhasa'y Juan ay inari niyang magaling itong kanyang náisipan, at ang kadalasan pa niyang gawin kung siya'y pinapawisan ay habarap sa larawan at saká tatawa na animo'y loko. Di kaginsa-ginsa ay humihip ang isang malakas na hangin, at sa kasamaang palad ay dinagit ng isang mabilis na ipo-ipo ang mahal na larawan ng butihing Prinsesa at doon ilinagpak sa harap ng Palasyo ng isang Emperador na kalapit ng Kaharian ng byenan ni Juan. Ng mga oras palang iyon ay nakapanungaw ang Emperador, kaya't ng makita niya na mayroong lumakpak sa harapan ng kanyang Palasyo, ay dalidali niyang ipinakuha sa isa sa kanyang mga bantay-palasyo, at ng ito'y makita niya, na isang larawan ng Prinsesa, ay tinablan siya ng malaking pagsinta.

Palibhasa'y Emperador, at isa pa'y may palagay siyang hindi makatanggal sa kanya ang Hari na amá ng Prinsesa, ay nagpautos sa kaharian nila, na ngayon din ay iharap sa kanya ang Prinsesa, at gusto niyang maging asawa, at ipinasabi rin niya na kung hindi sumang ayon ang Hari, ay ipagugunaw niya ang boong Kaharian.

(Itutuloy.)

Santanà. Maynilà. ika 10 ng Agosto ng 1916.

British & Foreign Bible Society

636 ISAAC PERAL

Nagbibili ng mga Biblia sa lahat ng wika.

Inyong pagsadyain.

PACO STUDIO

1430 HERRAN

May manunuklay

na walang bayad.

ENGRACIO DE ASIS

Nagpapasanla ng alahas, at ibp. Mura magpatubo, mahal humalaga. Bukás kahi't araw ng pista.

Daang Azcarraga Bldg. 1339, Kanto Benavides, Trozo.

Tel. 3396.

Maynila.

MELODRAMANG TAGALOG

BIGONG PAG-ASA

(Natuklasan sa Paris ni DR. H. OTLEY BEYER)

(Karugtong.)

SALITAAN

- D. Tiburcio. Don Salustio: di ginugunitang palad ko'y lumaspang ng ganitong pait dahil sa pagsinta.
- D. Salustio. Bakit D. Tiburcio'y hindi lamang siya ang sukat ibigim: marami sa bayan.
- D. Tiburcio. Marami ngang tunay; ngunit di mangyaring masok sa loob ko: Ay Don Salustio! Kung hindi siya'y walang ngang pagsalang di maglalagalag sa panig ng lupa.
- D. Salustio. Hwag mamantungan sa lisyang nais.
- D. Tiburcio. Oh. Di na mapipigil ang pagpapabay sa kayamanan ko't buong kabuhayan, at ako'y lalagak sa lugar na kahi't isa man ay walang makatatalastas, hanggang sa mamatay.
- D. Salustio. Hwag ding mangyari.
Si D. Tiburcio'y munting tatalikod.
- D. Tiburcio. Pagpapaalam ko'y huling pahimakas.
Ang palabasan ay ito ring kabahayan ng bahay ni D. Salustio, at sa tabi ng pinto sa silong ay dodoon si Soledad na may lakong bulaklak, at kakantakanta.

KANTÁ NI SOLEDAD

Halina, halina narito't pagmasdan ninyo ang bulaklak ng kahoy sa parang sari-saring bangó gayon din ang kulay na nakaaaliw sa pusong may lumbay.

Ako'y ang sa parang Pastora ng hayop payapa ang dibdib buhay ma'y malungkot ngayon sa lansangan ay lilibotlibot lakò ay bulaklak na galing sa bundok.

Ako'y ang Pastorang ulila nang tunay sa ama at ina na mapagpalayaw ngayon naglalakò sa mga lansangan mabangong bulaklak pawang langkay-langkay.

Ako'y ang Pastora sapul pagkabatà na hindi natutong sa sinta'y lumuhà natigil sangdali sa ginala-galà bulaklak na lakò mababangong pawà.

Halina halina narito't pagmasdan ninyo ang bulaklak ng kahoy sa parang

sari-saring bangó gayon din ang kulay na nakaaaliw sa pusong may lumbay.

"Oras na matapus ang kanta ni Soledad ay biglang lalabas sa kinalalagyan niya sina Adonis, Enrique at Lizardo at mangamimili ng bulaklak ni Soledad"

SALITAAN

- Lizardo. Magandang gabí pò butihing dalaga.
- Soledad. Magandang gabí pò naman bunying Caballero.
- Enrique. Ao pò ang ibig sabihin ng inyong kinakanta?
- Soledad. Ang paglalakò pò nitong mga bulaklak na tantong mabangò't sarisaring kulay.
- Lizardo. At magkakano pò bawà't isang langkay?
- Adonis. Hindi na kailangang itanong Lizardo: bigyan pù ninyo kami ng tig-i tig-isang langkay at tanggapan ang bayad.
- Soledad. Maraming salamat bunying Caballero; narito pò't kayo'y mamili na ng magugustuhan.
- Adonis. Hindi kailangan; eng ibigay mo pò'y siyang tinatanggap.
- Soledad. Narito pu't kuha.
Ibibigay sa kanila ang bulaklak.
- Ang tatlo. Maraming salamat, butihing dalaga.
- Enrique. Maghintay pù kayò diyan at bakà magkailangan pa kami ay muling kukuha.
- Soledad. Ako'y mag-iintay.
"Yayao na ang tatlo na papanhik sa bahay at samantala'y muling kakanta si Soledad ng gaya ng una niyang kanta."
- Enrique. Maganda yaong dalagang may lakò ng mga bulaklak.
- Lizardo. Sabi mo ay tunay, bakit ang isapa'y, mahinhin ang suot na damit Pastora: ano, hindi ba Adonis?
- Adonis. Ay...! mga kaibigan, sa sariling akin, ang dalagang yaon ay walang katulad sa madlaug dalaga nitong San Rafael, maging sa Batangan, at kung wariin ko'y tila miusang siya'y akin nang nakita.
- Enrique. Nakita mo na siya? at saan?
- Adonis. Sa daang malapit sa hardin ni Eliza.

PASANLAAN

NI

FAUSTO O. RAYMUNDO

Daang Haya blg. 641-645 pagliko sa Acciteros
San Nicolas Maynila.

MATAAS humalagá sa isasanlâ, MABABA ang patubò, MADALING pagsanlaan at gayon din kung tubusan.

Nagbibili ng mga hiyas na BRILLANTE, PERLAS, GINTO at PILAK sa halagang lalong mura.

Sa pagpaparetrato ay dapat ka pong pumili ng mabuting mag ayos at niyaong lumalarawan ng makinis kaya't kung pakukuha kayo ng retrato ay tunguhin ninyo ang

BOREAL STUDIO

477 JUAN LUNA

at bukod sa tatanggapin kayò ng boong lugod ay masisiyahan pa kayò sa gawâ rito.

Enrique. Sa daang malapit sa hardin ni Eliza? at kailan?

Adonis. Ngayon lamang hapong ako'y nagpapasyal.
Lizardo. Nakita na pala'y ano't binayaang hindi pa sinundan? sana'y kung ayaw mang sintahin mo siya'y sabihin sa akin. Oh...! sa pagkakita ko'y inibig n̄g labis.

Adonis. Ah! pagkasulyap ko na'y sininta n̄gang labis at biglang tinunton sa pinagdaana'y di ko rin inabot; kayâ hangga n̄gayo'y sakbi-sakbibi pa ang wagas na sintang hilig sa kanya.

Enrique. Iniibig pala ninyong dalawa't saka ibig ko rin.

"Sa pag-uusap na ito'y darating sa kabahayan ni D. Salustio.

Adonis. Nárito na tayo. Aba't sino iyong kausap ni D. Salustio? Ah, Si D. Tiburcio: halina tayo't magbigay n̄g galang.

Yayao hanggang sa nag-uusap.

(Itutuloy.)

Pitak ng Sariling Wika

"Diwa ni Balagtas"

Sa binuksang timpalak-panitik n̄g kabinibinihan n̄g Samahang ito'y tatlo lamang akdá ang nátanggap n̄g Lupong Tagasuri. Dahil dito'y ipinasiyang pawalang saysay ang timpalak na ito at ilathala na lamang sa "Patnubay ng Bayan" ang pinakamaigi.

Sa pulong namang idinaos noong ika 19 n̄g Agosto ay pinagtibay n̄g walang pagtatalo ang pagiging Kasaping-Pangdangal nina Gg. Lope K. Santos, Gerardo Chanco, Sofronio G. Calderon at Julian Cruz Balmaseda.

Bumabati sa lahat ang "Diwâ".

Tamis at Saklap

(Panulat Binibini)

Salaysayin: Ang ibong pugapog magpaimbuyog man, pagpatak ng lupa'y pugapug din lamang.

Sa isa sa m̄ga nayon n̄g lalawigang Z, ay may isang binatang sa kakisigán ay kina-

Gregorio Yu-Chuco y Herederos

ALMACEN DE TEJIDOS Y
MATERIALES PARA ZAPATERIA Y CHINELERIA ::

Calle San Vicente Nos. 219 y 221
MANILA & ILOILO

CARLOS ORTIZ

OPTICO CIENTIFICO
Manglilitis ng mata

24 ESCOLTA (sa itaas)

Huag kayong bumili ng lente ni salamin na di muna dalawin itong **Gabinete Optico**.

May mga kawaning matalinong ganap, wagas at dalisay sa hatol ng lalong mga bantog na doktor sa mata.

Kung ibig ninyo ay maaaring tumawag kayo sa **Telepono 939**, at magagrado ang inyong pangingin, sa inyong sariling tahanan.

manghaan halos n̄g m̄ga kakapwâ niya sa nayon ding yaon.

Twing hápon, ang náturang binata'y lagi nang nakalana ó dill kaya'y nakaseda. Madalas na nakasakay sa isang magarang saksakyan na patong pa ang dalawang paa na animo'y isang máginoo. Lagi sa m̄ga pista-hang malalaki, sa dulaan, sa sine at sa iba't iba pang pook n̄g kasayahan, anopa't sa madaling sabi'y napapanhik niya ó nadadaluhan ang lahat n̄g m̄ga piging na di gayon-gayon lamang.

N̄g isang araw na ang magarang binata'y payapang nagpapahinga sa kanyang tahanan, ay walang ano-ano'y siyang pagtawag n̄g isang tao. Dalidali niyang binuksan ang pintuan, n̄guni't siya'y nápagulat, sapagka't ang nakita niya'y isang pinunò at dalawang kawal n̄g kostabularyo. Kanyang ipininiid na dali-dali ang pintuan at nagtalon sa bintana, subali't pagpatak niya sa lupa'y agad pinagsungabanang n̄g m̄ga ibang kawal na noo'y nakaligid sa kanyang bahay. Linagyan siya n̄g posas at dinala sa hukuman. Doon nilitis ang pagkakasala.

Mulâ n̄g siya'y hulih'y nábalitâ na sa loob n̄g nayon na ang magarang binatang ito'y siyang may kagagawan n̄g di mabilang na nakawan.

Labing limang taon niyang pagdudusahan ang kasalanang nágawâ.

Iyan ang masaklap na bunga n̄g isang nagpapalalò at nagmamagarâ, gayong sadyâ namang walâ.

ROS-AL.


("Diwâ ni Balagtas")

"ANG BATONG BUSILAK"

MARMOLERIA
Sociedad de Obreros Filipinos

Se reciben toda clase de trabajos en Mármol como Lápidas, Monumentos, Mausoleos, Pila Bendita y Limpiezas, Esculturas, Bustos de Rizal en Bronce, Cemento y Madera.

Mariano del Mundo, Gerente.
408 Padre Gomez, Sta. Cruz. Maynila, I. F.



Mgal. William Atkinson Jones,

Kinatawan ng "Virginia" sa Kongreso ng Estados Unidos at bunyng kaibigan ng Pilipinas na siyang nagmungkahi ng mahalagang "Bill Jones".

ANG BILL JONES

Sariling salin nitong «PATNUBAY NG BAYAN»

Ang bantog na "BILL JONES," na may kapakanán sa ating kalagayan at pinagtibay na ng Pámahalaan ng Estados Unidos pagkatapos na mapasukan ng mga susog at mga pagbabago, ay itong sumusunod:

Sapagka't hindi naging hangad kaylanman ng bayan ng Estados Unidos, sa pakikidigmâ sa Espanya, ang makidigmâ upang manakop ó magpalawak ng lupâ; at

Sapagka't ang adhikâ at ang naging lagiing adhikâ ng bayan ng Estados Unidos ay lisanin ang kanyang pamumunô sa Sangkapuluang Pili-

pinas at kilalanin ang pagsasarili ng mga ito kapagdakang makapagtatag ng isang matatag na pámahalaan; at

Sapagka't marapat, sa ikádadali ng pagsasagawâ ng násabing panukalâ, na isakamay ng bayang Pilipinas ang isang nápakalaking pakikialam ng pangangasiwâ ng mga sarili niyang gawain ayon sa kanya, ng di naman ikapipinsalâ ng pagsasagawâ ng mga karapatan ng pamumunô ng Estados Unidos, upang sa pamamagitan ng paggamit ng karapatau sa paghahalal at ng mga kapangyarihan ng pámamahala, ay máihandang maigi ang bayang pilipino, upang gumanap na lubos ng mga sasagutin at magtamô ng lahat na kapakinabangan ng lúbusang pagsasarili; kayâ.

Unang batas: Ang Senado at ang Kapulu-

LOS FILIPINOS

1011-1013 San Fernando,
MAYNILA, K. P.

Malugod naming ipinatatalastas sa inyo na kami'y nagbibili ng Cemento, ng mga putol ng bakal, ng mga planchang bakal na galbanisado, ng mga pako, ng mga bisagra, ng mga pasador, ng mga serradura, ibp.

Mariano Lim Manapat, Gerente.

nġan ng mġa kinatawan ng Estados Unidos ng Amerika, sa pagkakatipon sa Kapulungġan ay nangagpasiya: Na ang mġa pasiya ng Kautusang ito, at ang pangalang "Pilipinas" na ginagamit sa kautusang ito, ay mamarapatin at sasaklawin ang sangkapuluang Pilipinas na ipinagkaloob sa pġmahalaan ng Estados Unidos na nagkabisġ sa mapayapang kġyarian na idinaos ng Estados Unidos at ng Espanya noong ika 11 ng Abril ng 1899, na ang mġa hangganan ay nangatatala sa ika 3 batas ng nġsabing kayarian pati niyaong mġa pulo na nangasasaklaw sa pinagkayarian ng Espanya at ng Estados Unidos, na idinaos sa Washington noong ika 17 ng Nobyembre ng taong 1900.

Ika 2 batas. Na ang lahat na mġnanahan sa sangkapuluang Pilipinas, na nangagpapatuloy ng pagtirġ sa mġa (pulong) iyan at noong ika 11 ng Abril ng 1899 ay mġa kampon ng Espanya, at mula noo'y nangġnahġn sa nangasabing kapuluan, at ang kanilang mġa anġk na ipinangġnak pagkatapos ng kaarawang yaon, ay ipalalagay at kikilanling mġa mġmamayan sa sangkapuluang Pilipinas, maliban yaong nangġ-ibig na panatilihin ang kanilang pagtatapat sa "korona" ng Espanya, sang ayon sa mġa pasiya ng mapayapang kġyarian ng Estados Unidos at ng Espanya na tinatakan sa Paris noong ika 10 ng Disyembre ng 1899 at liban yaong iba na pagkatapos ng nġsabing kaarawan ay naging mġmamayan sa ibang lupain: *Pasubali*, na ang "Legislatura Filipina," na itinatatag ng batas na ito, ay may kapahintulutan ngġ na makapaglagdġ ng kautusan sa pamamaraan ng pagtataglay ng pagka-mġmamayang pilipino niyaong mġa taga Kapuluang Pilipinas na dġ nasasaklaw ng mġa sinundang pasiya, niyaong mġa taga Kapuluang saklaw ng Estados Unidos, o maaaring maging mġmamayan ng Estados Unidos sa ilalim ng mġa kautusang pinaiiral ng mġa iyan.

Ika 3 batas. Na hindi maglalagdġ sa nġturang sangkapuluan ng anomang kautusan na nagbabawġ ng buhay, ng kalayaan o ng pag-aari sa kani-nomang tao ng walang ukol na paglilitis, ni dġ rin pagkakaitan ang mġa tao ng magkakaparang lingap sa harap ng kautusan. Hindi mġiukol sa kagamitan ng bayan ang pag-aari ninoman ng dġ pagbayaran ng karapatang bayad.

Na sa lahat ng usaping kriminal, ang nġsasakdal ay magkaroon ng karapatang dinggin o sa kanyang sarili o sa pamamagitan ng kanyang abogado, makabatid ng uri at pinagmulan ng sakdal, litisin ng hayag at sa lalong madaling

panahon, makapagharap ng mġa saksi at sa pamamagitan ng madaling pagtupad ay piliting humarap ang mġa saksi sa sakdal.

Na sinomang tao'y hindi mabibinbin upang maagot sa isang kasalanang kriminal, kungdġ sa pamamagitan ng nauukol na pagsisiyasat; ni hindi rin mġilalagay na makalawa sa pangġnib na maparusahan sa iisang sala (jeopardy) ni hindi siya pipiliting magparatang sa sarili sa isang usaping kriminal.

Na ang lahat, bago hatulan ay maaaring palayain sa pamamagitan ng lagak na lubos na kapagutanan, maliban sa lubhang mabibigat na sala.

Na dġ maglalagdġ ng mġa kautusan na magpapawalang saysay sa mġa sasaguting nġtatakda sa pamamagitan ng isang kautusan.

Na sinomang dġ maaaring ibilanggġ ng dahil sa pagkakautang.

Na hindi mapipigil ang kapakinabangġan sa utos na "habeas corpus", maliban sa dahilan na pag-aalsġ, panghihimagsik o pagsalakay ay nagiging kailangġan sa kapanatagan ng lahat, at sa alin mang kadahilanang iyan ay maaaring pigilin ng: Pangulo o ng Gobernador Heneral, habang kinakailangġan ang pagpigil na iyan.

Na hindi magpapatibay ng mġa kautusan na sġsaklaw ang bisġ sa nakaraang panahon ni samsam ng mġa pag-aari ng isang pinarusahan. Ni hindi paiiralin sa Pilipinas ang kautusan tungkol sa pagkapanganyay.

Na hindi magpapatibay ng mġa kautusan na magtutulot ng mġa "tġtulo" o pamagat na pangparangġal ni magpapahintulot na sinomang taong may hinahawakan sa sangkapuluan na katungkulang may bayad o kaya'y "honorifiko" lamang, ay tumanggap, ng walang sadyang kapahintulutan ng Kongreso ng Estados Unidos, ng papala, handog, katungkulan o anomang uring tġtulo na buhat sa isang hari, prinsipe o ibang bansa.

Na hindi bġhingġ ng mġa lagak (fianza) na alangan, ni mag-aatang ng malabis na multġ, ni ng malulupit at dġ ugaling kaparusahan.

Na hindi lalabagin ang karapatan ng kapanatagġan laban sa pagsisiyasat sa tahanan at pagpiit o pag-ilit na sġpilitan.

Na hindi magkakaroon sa naturang sangkapuluan ng pang-aalipin, ni ng sġpilitang paglilingkod, kungdġ parang parusa sa isang salang ginawġ ng pinarurusahan gaya ng itinatakda ng matwid.

Na hindi maglalakda ng mġa kautusan na putol ng kalayaan sa pagsasalitġ o ng pamamahayag, ni ng karapatang makapagpulong ng

Vicente A. Diaz

DENTISTA

24. Escolta. Sa itaas.

Telġfono 4969.

Gumagamit ng mġa kasangkapang ayon sa bagong panahon.

"MODERADO ORIENTE"

PATAHIANG PILIPINO

238 Dasmariñas, Binondo

Yumayari ng lahat ng kasuutan ukol sa mġa lalaki ayon sa huling moda at sa kagustuhan ng nagpapagawġ.

Norberto Tuason,

Tagapamahala at mananabas.

tahimik at makahingî sa pamahalaan ng lunas sa mga pagkaapi nila.

Na hindi maglalagda ng anomang kautusan na nauukol sa pagtatatag ng isang relihyon o kaya'y magbabawal ng malayang pagpapairal nito, at laging igagalang ang malayang pagsasagawa at ang pamamaraan sa relihyon at sa pagsambâ na tinataglay, na walang itatangî. At hindi hihilingin ang anomang kapakanan ng relihyon sa pagsasawa ng mga karapatan sa pamamayan o sa politika, hindi sasamsamin, iuukol, ipagkakaloob, ni gagamitin ng tiyak o di man ang salapi ng bayan o mga pag-aari nito, sa kapakinabangan o pagkandilî ng alin mang parè, predikador, ministro o iba pang gurô ng relihyon o maginoo o pangkatin ng relihyon, at bawal magpakaylan man ang pag-aasawa sa marami.

Na hindi gagalaw ng anomang salapi sa ingatang-yaman, kungdi maaalisinod sa isang kautusang nauukol sa mga gugulin.

Na ang itatakdang kautusan na nauukol sa pagpapabwis sa naturang sangkapuluan ay magkakahalintulad.

Na ang anomang panukalang kautusan na maaaring pagtibayin, ay dapat mabatay lamang sa iisang dahilan, na itatakdâ na pinakapamagat ng panukalâ.

Na di maglalagda ng mga utos na pagpapadakup kungdi sa isang makatwirang kadahilanan na pinaninindigan ng mga pahayag at mga sumpâ na sinasalaysay ang dakong pag-uusigan, ang taong dadakpin at ang mga bagay na sasamsamin.

Na lahat ng halagang masisingil sa bisâ ng isang bwis na iniatang para sa isang sadyang layon, ay ilalagak sa Ingatangyaman na parang-tanging salapi (fondos especiales) na gugugulin lamang sa bagay na pinaglalaanan.

(Itutuloy)

Kagalingan ng Katawan

Ang doctor Ottosen sa Skodsborg ay nagsalintang minsan sa isang kapisanan ng tungkol sa matwid ng tao hinggil sa kagalingan ng katawan. Aniya'y:

Ang pagkapagal sa buhay ay isang bagay na hayag, na napakadulas marinig naming mga manggagamot. Makailang nakakita ako ng mga taong sa pagkainip sa buhay ay nagbadyang lagutin na ang kanyang hiningâ. Ang ganitong pag-iisip ay totoong nalalabag sa katalagahan, at ang nagtataglay nito ay ang utak lamang na may sakit.

Isa sa mga tandâ ng lubos na kagalingan ng katawan ay ang kalakasa't pagkaganyak sa nga-

lang paggawâ. Ang isang taong magaling ay makagagawâ ng labing anim na oras isang araw ng di man lamang makaramdam ng pagod. May mga taong mapanganganlan ng "taong makina" sapagka't sapat makakaya ng mga di kawasang gawâ. May lakas at loob na makagawâ; na ano pa't sapat makadaig sa limang pung kasama niya. Samantalang ang iba bahagya nang makagawâ at walang mangyayari kahi ma't magaumikap ng buong kaya. Ang mga una ay siya ngang nangabubuhay at itong mga huli ay siyang...

Upang gumaling ang katawan ay kailangang gumawâ; ang paggawâ ay siyang nakapagpapatkbong maigi ng dugô at nakapagpapataglay ng di kawangag kagalingan. May nakikilala akong isang tao na ang gulang ay isang daan at pitong taon. Ng siya'y sumapit sa gulang na limang pu ay nakaramdam ng kapagalan sa pamumuhay at hanggang sa nawalan ng ligaya.

Sa gayong kalagayan ay di siya nagpataypatayan, kungî nagpasiya sa sarili na mamahay ng maayos at magpalakas ng katawan, at sa gayong pasiya ay nailagan ang kamatayan at nagtaglay ng maigi't masayang pamumuhay at ngayo'y kahi't matandâ sa gulang ay batâ sa pangangatawan.

Noong siya'y isang daa't limang taong gulang ay humarap sa isang pagliitis sa "gimnacia." Ngayo'y malakas lumangoy at nakalalakad ng agwat na pito o walong milla. Siya'y masaya't maginghawa, at madalas mabuka sa bibig ang: "Ako'y ipinanganak noong siglong ika 18 namuhay ako sa buong siglong 19. Ngayo'y napamuhayan ko na ang bahagi nitong ika 20, at may pag asa pa akong sumapit sa katapusah nito.

Upang mataglay ang kagalingan at kaginghawahan ng katawan sa pamumuhay na ito, ay may ilang bagay na totoong kailangan. Hindi marami, nguni't dapat isagawa na dili iba't ang lakad ng katalagahan na marapat nating ayunan at sundin.

"Sikat ng araw"—Marami sa mga tao ang nagwawalang bahalâ sa sikat ng araw hanggang sa datnan ng sakit sa kanilang tahanan. Ang mga ito ay siyang karaniwang mapasa pagamutan.

Sa mga tahanan ay lubhaug kailangan ang maliwanag na maigi. Ang mga manggagamot sa Londres ay nagmasid sa iba't ibang lansangan doon ng kaibahan ng lagay ng mga pagkakasakit sa mga tahananang pinapasukang maigi ng liwanag ng sikat ng araw at sa bahagya na. at kanilang napuna na ang mga tahananang hindi pinapasok na maigi ng liwanag ng sikat ng araw ay maknitlo ang samâ sa ngalang pagkakasakit kay sa roon sa mga pinapasukang maigi.

Cine-Empire

Palibhasa't dito inieestreno ang mga bantog na Pelikula ng "Universal Film Co. Exch" ay siyang pinaka mainam na Cine. Inyo ngang pagsadyain at mapagkikita ang katotohanan.

Ibig ba ninyong magkaroon ng mga maiinam na kasuutan ayon sa bagong panahon? Kung gayon, magsadya kayo sa patahan ni

Isaias Alvaran

606 Azcárraga, Tondo.

MANILA.

"Hangging malamig."—Karaniwang katakutan ang hangging malamig, na di iniisip na iyo'y kailangan natin, na gaya rin naman ng tubig. Kung ito'y mahadlangan ay nasisira at nakasasama.

"Tubig"—Ang tubig na buhay ay mabisang panglinis na di dapat pabayaang bukod pa sa mainam na pangdalisay. Sa balat natin ay may tatlong anghaw na kilabot na nilalabasang parati sa araw-araw ng masamang singaw ng katawan. Ang singaw na ito ay kumakapit sa katawan, humahadlang sa mga kilabot at sakâ muling, nanasok, na, sa ganito'y nalalason ang dugô, na dili iba't siyang nakapagpapasakit ng ulo at nakapagpapasama ng katawan. ¿Hanggang kailan kayâ matututo ang tao ng paglilinis ng katawan?—Hindi sapat na maglinis maminsan minsan. Mano nawa'y maging maitim iyang masamang singaw at sana'y makikita nating maigi.

Marapat ding iwasan natin ang pag-inom-inom ng alak na ipinagkakasala laban sa lakad ng ikagagaling ng katawan, at hindi lamang ang talagang palainom kungdi yaon mang umiinom ng maminsanminsang.

At sakâ marapat mag-ingat at magpakatalino sa pagkain. Marami ang nagmamadali ng pagkain na di na nginuuguyang maigi. Upang mangingatang maigi ang mga ngipin ay kailangang inguyang lahat; sapagka't ang anomang bagay na di ginagamit ay nawawalan ng sagsay, at ito ngâ ang nagiging sanhi ng mga kapansanan sa ngipin. Ang masamang ngipin at ang pagkukulang ng ngipin ay kinasasanghian ng mga sakit ng sikmura; na dili iba't isang sakit na nakapagpapasama ng ulo at nakapagpapawala ng kasayahan ng tao. Sa "El Ceutinel de la Verdad."

"Mga aral ng mabubuting kaasalan"

Sipi ni Mariano Banting

(Karugtong)

XII ARAL.

SA PAGKAKAINAN

Si Bbg. Rosa ang nagsasalita:

Mga batâ, pakinggan ninyo ito:

Ang isang batang nagugutom ay umupô sa lapag upang kumain. Doo'y maraming matatandang nakaupô, nguni't dahil sa siya'y tinuruan ng kanyang ina na hwag kakain hanggang di natatapos ang matatandâ, siya'y matiyagang nag-antay. Bawa't sangdaling nakararaan ay lalong tumitindi ang kanyang gutom, kaya't hindi niya napigilan ang luhang nukal sa sariling matâ, nguni't hindi rin humihingi ng anoman. Ng mamalayan ng matatandang ang batang ito'y di naiino at nagtitiis na nag-aantay—isa't isa'y pumari sa kanya, at dinulutan siya ng lalong pinakamasasarap na pagkaing nasa lapag.

May isang batâ namang nagugutom na rin at dalosdalos na umupô at sumambot ng mga pagkain na hindi nag-antay kaninoman. At nag-

pasimulang naghihingi ng maraming bagay, paghinging hindi sa mabuting paraan.

"Alin sa dalawang batâ ang isaakalâ ninyong mabuti at mabait?"

"Ang unang batâ pò".

"Oo ngâ. Ipinalalagay ng matatandâ na ang batang gayon ay mabait, may mabuti't magandang asal, tinuruan ng mga magulang ng mabuting kaugalian. Ano naman ang palagay ninyo sa isang batâ?"

"Ang palagay pò namin sa kanya'y isang batang pangkaraniwan at walang magandang kaasalan."

"Kung gayo'y anong nararapat ninyong gawin sa oras ng pagkakainan?"

"Tumahimik hanggang sa kami' po'y dulutan, at kung may ibig pong anoman ay hingin sa isang mabuti't magalang na paraan, sa nararapat na hingan.

[*Tutapusin.*]

Ang ating mga bugtong

Akda ni Kalibato

Ng munti'y may buntot, ng lumaki'y nagputog. *Kat.* Palakâ.

Lumalakad ay walang humihila, tumatakbo'y walang paa. *Kat.* Bangkâ.

Siya ko nang tinuturan, siyang hindi mo pa mahulaan. *Kat.* "Siya" ng kabayo.

Hindi hayop, hindi tao, walang gulong ay tumatakbo. *Kat.* Agos ng tubig.

Batô na ang tawag ko, batô pa rin ang tawag mo, turan mo kung ano. *Kat.* Ibong batôbatô.

Isang pingganpinggan, libot na libot ng ginikan. *Kat.* Bao.

Dalawang punsôpunsuhan, ang laman ay kaligtasan. *Kat.* Suso ng isang ina.

Eto na si amain, nagbibili ng hangin. *Kat.* Músiko.

Ng siya'y ipanganak, ang ina niya'y hindi pa tao, ng manganak ang kanyang nanay ay siya pa ang nagpadrino. *Kat.* Luya.

Alin sa ibabaw ng mundo, hayop na panot ang ulo. *Kat.* Kulng.

Alin sa mga ibon ang di makadapô sa kahoy. *Kat.* Pugô.

Sipi sa "F. Balagtas."

LIBRERIA Y PAPELERIA

DE

P. S. Viuda de Soriano

Rosario 225 y Plaza del Conde No. 1008, Binondo

Nagbibili ng mga aklat sa tagalog, kastila at inggles; ng mga kwaderno, pluma, lapis, tinta, papel at ibp.

Boong giliw na tinatanggap ang labaf.

Mga paghahaka tungkol sa Pilipinas

(*Tinipon ni Martin P. de Veyra*)

(*Karugtong*)

Anang Presidente McKinley: "Ang sáplítang pag-aanib ay nangangahulugan ng salaring pangga-gpahasá."

Ani Cicil Rhodes, (isang inggles na mapagka-lingá): "Hindí maaaring iwan ng Estados Unidos ang Pilipinas, sapagka't katungkulan nilang bigyan ang mga taong ito ng isang matibay at mabuting pámahalaan, ni dí ko pinaniniwalaan na kung masimulan nang maisagawá ang kanilang gáwain doon, ay pababayaan na ng mga amerikano ang kanilang pamamalakad." Alexandria, Ehipto. Marso, 1899.

Anang Obispo Spalding: "Pag napasiyahan ng bayang amerikano na hwag hawakan ang kaylan ma'y hindí nila hinangad ariin, ay dí nila paghihirapan ng paglutas ang kapansanan nitong Pilipinas."

Ani Dr. Jenkin Lloyd Jones: "Aming tinututulan ang pagkristyano na pinalalaganap ng dulo ng bayoneta at ang ebanghelyo na pinapagtibay sa pamamagitan ng silakbo ng pulburá."

Ani William Jennings Bryant: "Ang simula ng pananakop ay kamalian. Iya'y laging tinunggali ng ating bansá at dí maaaring makurò ang magiging bunga sa ating bayan ng isang aral na ihahalili ang lakas sa katwiran sa pagpapahayag ng pamamalakad ng bansá. Hindí ipinagsasangalang niyaong mga sumasalungat sa imperialismo ang mga pilipino, kungdí ang bayang amerikano. Ang bansá natin ay nápakalakas na makapagpapahamak, nguni't totoong dakilá na dí dapat gumawá ng kamalian.

Inaasahan ko na ang mga amerikanong may mahinahong isipan ay kakatig doon sa mga may pananalig na ang mga pilipino ay dapat pag-asalan ng gaya ng iwasal sa mga kubano—sa makatwid baga'y, pagkalooban sila ng pagsasarili at kalingain sa mga pakikialam ng iba." (Fresno Evening Democrat.)

(*Itutuloy.*)

Ang Bayang Tayabas

Pagkakasunodsunod ng nangagkapitan at nangyari sa kanikanyang panahon

[*Karugtong*]

1880. Dn. Ventura Alandy Tte. Absoluto, dito sa Cotta D. Demetrio Trinidad. Nang maca fiesta ng pagdalao, ay inilusong dito ang santong Patron na si Poong S. Fernando galing sa Tayabas, na ito'y itina-yong may ilang lingo sa Tayabas sa Al-tar mayor.

Dito sa 10 ng Enero itinaas ang La-torre Provisional at ibinitin ang isang campana. Dito sa 13 ng Enero sa taong ito humingi ng ambagan, ang Tte. Absoluto at ang dahilan, ay magpapacain sa mga tauong paririto at aabuloy sa Bindita y Misa nitong ating Bayan-bayan.

Dito sa 15 ng Enero dito rin sa taong ito ay binacuran ang Camposanto de Cementerio de la Iglesia. Dito sa 1.º de Feb. ay siyang pagbibindita tuloy pinagmisahan ang bagong simbahan. Binindita pati mga haligui, at ng macamisa, ay nagpalabas na ng mga catuwaan ng juego de pacabog sa Ilog ng Dumacaa, ng hapcn ay ang pinalabas ay juego de anillo, at maghaponng may sabong sa tabi ng Yyam. 1885. Dn. Juan Zaballero, Tte. 1.º D. Rafael Jardiniano. Sa taong ito pinunuan ang pagtatabag ng bobeda ng Simbahang nalunos na ang omobra dalawampuo at dalawa catauo, isang Domingo sa Balangay.

(*Itutuloy.*)

PALATHALA

¡KAY GANDA MO NGA!

Noo'y gabing maliwanag at ang bwa'y sakdal gara na sa bawa't taong hapo na kawal ni Manggagawa ay nakapagbigay lugod, lalo sa mga binata; kaya't akong anak-pawis at kapatid ni pagluha ay noon lamang naaliw, noon lumasap ng twa.

Noo'y gabi ng sabado, gabing walang kasing saya at gabing sa aking puso ay lumikha ng ligaya at malabis na paghanga, sapagka't aking nakita ang liwayway ng ganda mong parang tala sa umaga doon sa silong na tanging dayuhan mo ng paglala

At kay tamis ng ngiti mong sa dusa'y tanging panglunas, matamis na parang nectar ng mababangong bulaklak at ang tinig mo'y mistulang awit ng ibon sa gubat, kaya't ako, ako noong lipos ng madlang bagabag ay naaliw ng lubusa't lungkot ko'y napawi agad.

Paano bang hindi gayon ay maganda ka't ang tamis ng ngiti mong sakdal sarap ay anyaya sa pagibig; ang kinis ng iyong pisngi, ang pula ng iyong bibig, ang hinhin ng iyong tawa't ang pungay ng iyong titig ay larawan manding buhay ng diwatang nasa langit.

DIWA.

Ang pihikan, mang makata kapag iyong ngingitia ay pilit ngang magpupuri at sa iyo ay gagalang, gagalang buong puso, pagka't ang iyong larawan ay kasing dilag ng Birhen, Bathala sa kagandahan, kaya't hindi maaaring hindi kita hahangaan.

D. VILLEGAS.

Lukban, Tayabas, K. P.

CRISPULO ZAMORA

Platero at Grabador.

351 San Sebastian Maynila, Tel. 3265

Gumagawa ng magagandang korona para sa mga reina, ng mga medalla, botones, insignias, copas na pang-ganting pala, pang-gayak sa simbahan, mga larawan, caliz, baston, hiyas, karatulang tanso, mga chapa, ibp. Mabuting yumari at mura lalo na sa kapwa pilipino.

Panulat Binata

¡Panuubí!

(Handog sa mga pusong nagwagi sa larangan ni Cupido na, mga piling kakilalang: Eulalia Santos, ang mayuming bulaklak ng Trozo at Bindoy na bintang makisig. . . .)

Mga mapapalad. . . .

Sa harap ng dambanang pinilakan na pinagsumpaanan ng inyong pag-ibig, ay tulutan ninyong kayo'y pausakang ko ng mabangong kamanyang ng puso.

At... sa piging naman ng inyong pagbubunyi, ay tulutan din ninyong ang walang diwa kong panitik ay manungkit ng mga sariwang bulaklak sa halamanan ng pangarap at tungkulin sa panyong habi ng alaala't sa inyo'y mapitagang isabog. Bilang pagbati, paghanga, pagpupuri, pakikilugod at paggalang sa inyong maligaya't bagong kapalaran....

... At sa wakas nama'y, isinasainyong mga piling ko ang marubdob na mithing: "Nawa'y ipahiram sa inyo ni Bathala ang malawig na buhay sa lilim ng dangal at kasaganaan; gayon din hwag malalambungan ng matitim na ulap ang bughaw na langit ng inyong pagsasama at ang pag-ibig ninyo'y magbunga ng isang BAYANI, upang sa araw ng bukas ay maging mahiwagang kamay na humalbot sa piring na luksang nakatabing sa maamong muka at kumalag sa gapos ng Inang Bayan nating araw gabi'y lumuluha!"....

Ang sa inyo'y nagpupugay,

DEYNISH CELESTISH.

Kawit, Kabite. S. P.

Ang diamante azul

Ganito ang pamagat sa isang diamante, datapwa nararapat na tawaging diamante ng kasamaang kapalaran, dahilan sa mga pangyayaring ito.

Ang mayayamang taga Nueva York na si Mc Lean, ay kabibili pa lamang para sa kanyang asawa, na anak ng napakayamang si Walsk, sa "diamante azul."

Kahangahangâ ang batong ito, sapagka't ang kulay ay bughaw na makintab

Ang bigat ay 44 1/2 kilates at nagkakahalaga ng isang angaw at kalahating franco,

Ng unang panahon ang diamanteng ito ay binili ng magaalahas na si Taverhier para sa kanyang panginoong haring Luis XIV, anopa't napatanyag ngâ ang diamanteng ito sa Valliere at Montespau ng panahong iyon.

Dahilan sa himagsikan sa Francia ay nawalâ ang diamanteng ito at napasakamay ng iba. Matagal na panahong nawalâ, nguni ng 1830 ay nabili ng mayamang si Mr. Hope, kayâ ngâ pinamagatang diamante Hope.

Ipinamana ni Hope, ang diamanteng ito sa kanyang apong nagasawa sa isang magandang artista, kayâ sa mga dulaan at iba pa ay napaakita rin ang diamanteng ito. Datapwa dumating sa Londres ang anak ng isang alkalde sa Nueva York, at dinalaw kaagad na niligawan at ng wagkaibigan ay itinanang kasama ng diamante.

Malaking kaguluban ang nangyaring ito sa Nueva York, hanggang pati ng alkalde roon ay nagbitiw ng tungkulin sa kagagawan ng anak ng walâ siyang malay.

At ng makaraan ang panahon, si May Johr

ay nagpasiya na naman at nagbalik sa kanyang buhay artista, nguni walâ na ang diamante.

Ang diamante ay napatungo sa Casa Frankel sa Filadelfia.

Nagkaroon ng mga kagipitan ang Casa Frankel, kayâ ngâ ipinagbili at ang nakabili ay ang Sultan Abdul Hamid.

At sa pagkakaroon naman ng sakunâ ng sultang ito ay di na maalaman kung kangino nâparoon.

Talagaug mapapalayawan na ang diamanteng azul na ito ó diamante Hope ay diamante ng kasamaang palad.

Republika ng Panamá

Ang republikang ito ay dinalaw ni Alonso de Ojeda noong 1499, at ni Cristobal Colon noong 1501. Pinapaging lalawigang kastilâ at pinannganlang Moog na Gintô noong 1509 at tatlong daang taon na nanatiling gayon. Si Vasco Nuñez de Balboa ay isa sa mga magiug magiting na taga pagsanggalang ng Panamá at hanggang ngayo'y kinikilala pa siyang bayani ng lupaing yaon. Noong 1819 ay nagsarili at humiwalay ang Panamá sa Espanya, at pagkatapos ng maraming kaligaligan ay naging bahagi ng Nueva Granada, at pagkatapos ay umauib sa Colombia na siya niyang hiniwalayan noong 1903 hanggang sa naging republika. Ang laki ng Panamá ay 31,570 milyang parisukat, na 480 milya ang habâ at ang luwang ay mulâ sa 35 hanggang sangdaan.

Ang lupa'y matabâ at madaling bukirin. Tinutubuang maigi ng kapé, kakâw, tabako, sinulid, goma, suhâ, manggâ at iba't iba pa, bukod sa napapakinabangang mga punong kahoy na mahal. Di umano'y may mga mina rin naman ng gintô't pilak at iba pang metal, nguni't hindi totoong alumana ng mga tagaroon.

Ang ahas dito

Sa mga pagsisiyasat na ginawâ sa mga ahas dito sa atin ay nababahagi sa 90 uri.

Sa bilang na ito ay 60 ang hindi nakamamatay at 30 ang may mga kamandag.

Ang mga ahas na ito maging ang may kamandag at maging ang walâ ay pinakikinabangan din, sapagka't siyang kumakain sa mga uod at palakang sumisira sa mga pananim.

RETRATO

¿Quereis tener buenos Retratos a precios sumamente barato?

Acudid a la Fotografía TONDO MODERNO, Azcarraga, esquina Ilaya, Tondo, Manila, donde encontrareis Fondos Preciosos y Modernos, con Painadora Gratis todos los dias.

J. Estella.

BERNABE STUDIO

Salcedo, Blg. 708, Sta. Cruz,
MAYNILA, K. P.

Araw-araw ay rumertrato mula sa a las 9 ng uma-
ga hanggang a las 3 ng hapon at tumatanggap ng mga ga-
waing nauukol sa bagay na itó, gaya ng **Ampliación,**
Reproducción, Opalinas, Alfileres, Revelaciones, Copias,
FOTOGRAFADOS, AT ZINCOGRAFIA, ibp.

P. O. Box, Blg. 973,
TELEFONO, 3216.

Walang bayad sa pasuklay.

ANG HALAGA SA MGA GRUPO AT IBANG MGA BAGONG PARAAN AY
AYON SA PAGKASUNDUAN.

Ngayo'y may lalong pag-uurungan sa dakong pinagreretratuhan.

• • “El Porvenir” • •

Imprenta y Libreria,

Papeleria y Objetos de Escritorio

429—Soler Trozo—429

DIRECCION TELEGRAFICA JOB.

CLAVE ABC 5.a ED.—TEL. No.....

Admite toda clase de trabajo de impresion y encuadernacion.

DICCIONARIO

INGLES = ESPAÑOL = TAGALOG

CON PARTES DE LA ORACION Y PRONUNCIACION FIGURADA

por **Sofronio G. Calderón**

₱4.50 ejemplar (en papel ordinario). ₱6.50 ejemplar (en papel satinado)

Pocket Dictionary English = Spanish = Tagalog

por **SOFRONIO G. CALDERON.**

₱ 1.20 ejemplar.

DATING PILIPINAS

ó Historia Prehispana de Filipinas, por **SOFRONIO G. CALDERON.**

₱ 0.50 ejemplar.

Pagkatuklas sa Ating Lupain

ó Historia del Descubrimiento de Filipinas, por **SOFRONIO G. CALDERON.**

₱ 0.20 ejemplar.

VOCABULARIO

Tagalog-Castellano-Ingles

CON PARTES DE LA ORACIÓN Y PRONUNCIACIÓN FIGURADA

por **SOFRONIO G. CALDERON.**

₱ 0.50 ejemplar.

Buhay, Aral at mga Mithi ni Gat José Rizal

Akda ni Vicente Elio at tinagalog ni Sofronio G. Calderon.

₱ 0.25 ejemplar.

NOLI ME TANGERE

ni **Dr. JOSE RIZAL**

Isina melodrama ni G. E. M. Gross at tinagalog ni Sofronio G. Calderon.

₱ 0.20 ejemplar.

Mga Kwentong salin ni S. G. Calderon

Isang Mahiwagang Pamumuhay.

Sa Ano Nabubuhay ang Tao.

Hiwaga ng Pag-ibig.

Tatlong Kababalaghan.

Wakas ng Masamang Rudhi.

Noon ay Pasko.

Mithi ng Bayan.

Kapalarang Hindi Sinasadya.

Sakunang Ipiuagkapalad.

₱0.10 { ejemplar.
bawa't isa.